

Lingguwistikong Etnograpiya ng Kasiguranin

Linguwistikong Etnograpiya ng Wikang Kasiguranin

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Kasiguranin.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at sumulat ng manuskrito: Rowel Olila

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,
Malacañan Complex, San Miguel, Lungsod Maynila 1005
Tel. (632) 8736-2525
email: komisyonsawika@gmail.com

PAUNANG SALITA

Sa saliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016, napag-alamang mayroong tinatáyang 130 katutubong wika ang Pilipinas. Sa bílang na ito, tinatáyang may 40 wika ang nanganganib nang maglaho sa hinaharap. Dahil ito sa ilang mga salik tulad ng kawalan ng *intergenerational transmission* sa wika; migrasyon ng mga tagapagsalita ng wika; at pangingibabaw ng paggamit ng *lingua franca*. Ang panganganib ng wika ay isang pandaigdigang karanasan. Isa rin itong hámon sa mga bansa kung paano isasalba ang mga wika sa panganganib. Kapag hindi na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúnong o *intangible cultural heritage* tulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon gaya ng mga tulâ, bugtong, kuwentong-bayan, at epikong-bayan. Kung tulúyang maglalaho ang wika, makapipinsala ito sa kalikásan at biodiversidad dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikásan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Kayâ, naglatag ang UNESCO¹ ng mga hakbang sa pagpapasigla ng wika, isa na rito ang pagdodokumento sa wika at kultura. Sa pamamagitan nitó, napayayaman ang pag-aaring intelektuwal ng mga tao, naipakikíta ang kultural na pananaw na maaaring bago sa kasalukuyang kaalaman, at ang proseso ng dokumentasyon ay nakatutúlong sa impormante ng wika upang muling pasiglahin ang kaalaman sa wika at kultura (UNESCO 2003). Ayon din kay Himmelman (2006), ang pagdodokumento ng wika ay isang pangmatagalan at may masaklaw na layunin na talâ o rekord ng wika.² Magagámit ito sa maraming layunin sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng wika.

Bílang tugon sa hámong ito, inilunsad ng KWF ang proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng mga Wika ng Pilipinas noong 2018. Pagpapatúloy ito sa nasimulang gawain ng KWF sa pagdodokumento ng wika at kultura noong 2015. Higit na pinalawak ang saklaw ng saliksik at mas komprehensibo ang datos na inaasahang makálap. Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay naging posible dahil sa suporta ni dáting Senador Loren Legarda, ngayon ay kinatawan ng Antique. Dahil sa suportang pinansiyal mula sa kaniyang opisina, nakapagbigay ang KWF ng *grant* para sa pagdodokumento ng 32 wika.

Sa pagtatapós ng proyekto noong 2020 ay nakapagdokumento ng 30 wika. Maraming natutuhan ang KWF sa pagsasagawa nitó na magiging pundasyon sa pagpapaunlad ng proyekto sa susunod na mga taon. Ninais man ng KWF na mailimbag ang lahat ng natápos na saliksik, mahigpit pa rin ang naging pamantayan sa pagsasagawa nitó. Gayunman, lubos ang pagbatì at

¹ UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. Paris: UNESCO, 2003.

² Himmelman, Nikolaus P. "Language Documentation: What is it and what is it good for?" Nása Gipper, Jost et al. (Eds.) *Essentials of Language Documentation*. Berlin: Walter de Gruyter GmbH & Co., 2006.

pasasalamat ng KWF sa mga *grantee* at sa kaniláng institusyon na nakibahagi sa proyekto. Malaking bahagi rin ng tagumpay ng proyekto ang suportang ibinigay ng mga pinunò at mga kasapi ng katutubong pamayanang kultural.

Ang proyektong ito ay simula pa lámang. Hangad ng KWF na magkaroon ng komprehensibong dokumentasyon ang lahat ng katutubong wika ng bansa na magpapakíta ng matálik na ugnayan ng wika at mga katutubong karanasan at kaalaman ng pangkáting etniko na nagmamay-ari nitó. Ang gawaing ito ay hindî káyang gampanan ng KWF nang mag-isa. Kayâ, hinihikayat namin ang suporta at pagtataguyod ng mga iskolar ng wika, akademya, institusyon ng pamahalaán, at ng mga pinunò at mga kasapi ng mga katutubong pamayanang kultural upang maisakatuparan ang hangaring ito.

Sangay ng Salita at Gramatika

TALAAN NG NILALAMAN

Paunang Salita.....	i
I. Bayan ng Casiguran: Kasaysayan at Heograpiya.....	1
II. Pananampalataya at Paniniwala.....	28
III. Sistemang Pangkabuhayan.....	50
IV. Sitwasyong Pangwika.....	68
V. Siklo ng Buhay.....	89
VI. Partisipasyon sa Pambansang Kultura.....	95
VII. Pagtanaw at Tugon ng Pangkat sa Kalagayan ng Kanilang Wika at Kultura.....	107
Sanggunian.....	108

I. BAYAN NG CASIGURAN: KASAYSAYAN AT HEOGRAPIYA

Maikling Kasaysayan

Matatagpuan sa dakong gitnang Silangan ng Pilipinas ang lalawigan ng Aurora. Ito ay dating bahagi ng Lalawigang Quezon bago naging ganap na nagsarili noong 1978. Nobyembre 21, 1978, nang pinagtibay ni dating Pangulong Ferdinand Marcos ang Batas Pambansa Bilang 7 na nagdedeklara sa Aurora bilang isang ganap na lalawigan.³ Ang Aurora ay hango sa pangalan ng dating unang ginang na si Aurora Aragon Quezon, kabiyak ni dating Pangulong Manuel L. Quezon at kinikilala ring isang anak ng Baler.



Larawan 1. June 19, 1938. Pagbisita ni Pangulong MLQ sa Casiguran. (source: Presidential Communications Development and Strategic Planning Office)

retrieved from: <http://www.batangbaler.net>

³ Chan Robles Virtual Law Library, *An Act Separating the Sub- Province of Aurora from the Province of Quezon and Establishing it as an Independent Province*. lawlibrary.chanrobles.com

Ayon sa mga talang kasaysayan, narating ni Fray Esteban Ortiz at Fray Juan de Porras ang teritoryong kinabibilangan ng Baler at Casiguran noong taóng 1578- 1579. Sila ang itinuturing na mga unang Kastila na nakatungtong sa lupain ng Aurora. Ayon kay Fray Ortiz ang Aurora ay mailalarawan:

“...bilang isang masukal, dalisay, at mayabong na kagubatang punong-puno ng iba’t ibang hayop at ibon, mga magagandang tanawin, malilinaw na batis, mga talon, mabatong baybaying dagat na nasasabat ng ilang maliliit na sulok, ilang kumpol ng mga bahay kubo ng mga dayong Malay sa baybay-dagat na nakaharap sa pagsikat ng araw sa Dagat Pasipiko. Marahil, ilang mga Dumagat at Ilongot...”⁴

Ang pagkakadiskubre ay hindi naging simula ng permanenteng pagmimisyon. Naitatag lámang ang permanenteng pagmimisyon sa lugar taóng 1969 sa panguguna ng isang paring misyonero na si Fray Blas Palomino⁵.

Upang mas mapadali ang pamamahala sa bagong misyon, nilikha ang Distrito ng El Principe⁶ na kung saan Baler ang naging sentro nito. Ngunit sa panahon ng Commonwealth, nabuwag din ang distritong ito na nagbigay daan sa pagkakatatag ng Pamahalaang Sibil ng Tayabas at pagkakasama ng Casiguran at Baler rito. Taóng 1951 naman ng idineklara ang Aurora bilang isang sub-province ng Quezon sa bisa ng Republic Act 648 na nilagdaan ni Pangulong Quirino.⁷ Nanatili ito sa ilalim ng pamamahala ng Lalawigan ng Quezon hanggang sa tuluyan na itong maitatag bilang ganap na nagsasariling lalawigan noong 1979.⁸

⁴ Josefina T. Marino et. al, *Sa Tubig at Dugo*, Diego G. Quajada, (Philippines: Roman Catholic Prelate of Infante, Inc and Vicariate of Valley-Ding) 2013. p6.

⁵Ibid., p. 23

⁶ Kabilang sa Distritong ito ang lalawigan ng Nueva Ecija, bayan ng Casiguran, Dipaculao, at San Jose de Casecan (Maria Aurora).

⁷ Chan Robles Virtual Law Library, REPUBLIC ACT NO. 648 - AN ACT CREATING THE SUBPROVINCE OF AURORA, WHICH SHALL COMPRISE THE MUNICIPALITIES OF BALER, CASIGURAN, DIPACULAO AND MARIA AURORA, PROVINCE OF QUEZON. http://laws.chanrobles.com/republicacts/7_republicacts.php?id=652

⁸ Josefina T. Marino et. al, Ibid., pp. 32-82.

Wika

Karaniwang salita ay ng mga mamamayan ng Aurora ay Tagalog; sa ilang bahagi tulad ng Maria Aurora, Dinalungan, at Dilasag ay Ilokano. Malaking porsiyento ng working population ay matatas sa parehong Ingles at Filipino.⁹ Bukod tangi sa Casiguran na may sariling wika na tinatawag na “Casiguranin”. Ito ay nabuo mula sa impluwensiyang heyograpikal at uri ng mga taóng unang nanirahan sa lugar partikular ang Dumagat kasama na ang impluwensiya ng migrasyon ng ibang pangkat katutubo sa Pilipinas na piniling manirahan sa Casiguran.¹⁰

Ninuno

Pinahanan ng mga sinaunang Negrito ang lalawigan ng Aurora na tinatawag bílang Dumagat/Alta/Agta¹¹. Ang mga naturang grupo ang itinuturing na mga ninunong katutubo na nakarating sa Casiguran. Karamihan sa kanila ay naninirahan sa mga burol o bundok. Ang mga ito ay pinaniniwalaan na nagresulta mula sa pagsasanib ng mga ninuno ng Austronesian at Melanesian, na namumuhay sa paraan ng pangangisda at pangangaso. Para sa úring Dumagat sa lalawigan ng Aurora, mayroon itong tatlong uri, ang Umiray Dumagat, Casiguran Dumagat, at ang Palanan Dumagat.¹²

Isinaaad sa mga isinagawang pananaliksik na bago pa man marating ng mga dayuhang Kastila ang Casiguran, may mga tao nang naninirahan dito. Pinaniniwalaang ang mga Dumagat ang mga aborohinal na nananahan dito. Pinaniniwalaan din na mayroon nang pakikipag-ugnayan na nagaganap sa pagitan ng mga Dumagat/Alta/Agta at mga dayong Malay na nagmula pa sa

⁹ Philippine Information Agency. “Aurora”. <https://pia.gov.ph/provinces/aurora>

¹⁰ Mula sa resulta ng balidasyon at pinaniniwalaang oral na kasaysayan ngunit walang matibay na ebidensiya na sumusuporta rito.

¹¹ Loc. cit. Marino et. Al. p.6

¹² Loc. cit. pia.gov.ph

katimugang Luzon, magmula noong 14 na siglo. Sa paglipas ng panahon, dumami ang bilang ng mga migranteng Malay lalo pa nung nagsimula ang ebanghelisasyon sa lugar. Nangailangan ang mga Kastila ng lakas paggawa at ang mga Malay ang nagsilbing sakristan, katulong, doktor, guro at iba pang manggagawa kapalit ng karampatang salapi. Ito rin ang itinuturing na dahilan kung bakit naitaboy ang mga Dumagat sa mga kagubatan at kabundukan.¹³

Bayan ng Casiguran: Pagsasalarawan

1. Lokasyon ng Casiguran

Ang **Casiguran** ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng **Lalawigan ng Aurora**, humigit kumulang sa 120 kilometro mula sa Sentrong Bayan ng Baler, at 353 kilometro mula sa Maynila.



Larawan 2. Ang lokasyon ng Casiguran sa mapa. Pinagmulan: Google Maps

Ito ay may hangganan sa hilaga ng bayang Dilasag; sa Silangan, ang Karagatang Pasipiko, sa Timog ang bayan ng Dinalungan at sa Kanluran ay ang lalawigan ng Quirino.

Ang bayan ay dalawang kilometro lámang ang layo mula sa dagat at ang taas nito ay mga 200 piye sa ibabaw ng dagat. Ito ay matatagpuan sa 125 deg. 0 'longitude at 16 deg. 6'30 latitude.

Matatagpuan ang **Benham Rise**¹⁴ 288 kilometro mula sa Casiguran. Kilala rin ito bilang Philippine Rise na binubuo ng 13 milyong ektaryang talampas sa ilalim ng tubig na matatagpuan

¹³ Marino et. al., op. cit. pp. 13-14.

¹⁴ opisyal na kilala bilang **Philippine Rise** matapos maisabatas ng Pangulong Duterte ang EO 25 s.2017.

malapit sa Aurora. Itinuturing itong bahagi ng continent shelf ng Pilipinas at ito ay mas malaki kaysa sa Luzon.¹⁵

Potensiyal na mapagkukunan ito ng natural gas at iba pang yamang mineral na magagamit sa paggawa ng metal. Ito ay may lawak na halos 2,000 hanggang 5,000 metro at maaari pang madagdagan sa pagpapatuloy ng eksplorasyon at pananaliksik. Ayon pa sa pag-aaral, ito ay tahanan ng hindi bababa sa 200 uri ng isda, kasama ng mga ito ang labahita (surgeonfish), lawin na isda, at *damselfish*, at malalaking mandaragit tulad ng *tigershark*, kasama ang iba't ibang korales, algae, at mga espongaha. Maaari ring makabuo ang Philippine Rise ng pinakamataas na antas ng huli mga iba't-ibang uri ng tuna, kabilang ang big-eye, *yellowfin tuna* at *albacore*.¹⁶



Larawan 3. Pagtataas ng watawat ng Filipinas sa Benham Rise. Dinaluhan ng mga opisyal mula sa Bayan ng Casiguran at halal na opisal ng Lalawigan ng Aurora

¹⁵ Isinama ang diskusyon sa Benham Rise bilang bahagi ng rekomendasyon sa isinagawang balidasyon. Walaman itong direktang naging bahagi sa paglago at paglaganap ng wika, ito naman ay pinaniniwalaang may malaking gampanin sa pangkalahatang pag-unlad at magiging hamon sa kalalagayan ng wika sa mga susunod na panahon.

¹⁶ Benjamin Pulta, *what is the Philippine Rise?* May 9, 2018) mula sa Phil News Agency website. <http://www.pna.gov.ph/articles/1034670>

Kilala ang Benham Rise mula noong sinaunang panahon lalo na sa mga naninirahan sa Isla ng Catanduanes sa rehiyon ng Bicol, timog-kanluran ng Philippine Rise. Tinatawag itong *Kalipung-awan*, Salitang Bikol na ang ibig sabihin ay “*Lovneliness in an isolated place.*” Ngunit ayon sa Department of Foreign Affairs (DFA), ito ay ipinangalan kay Andrew Benham, isang Amerikanong Geologist na nagpasimula ng eksplorasyon sa lugar taóng 1930s.¹⁷



Larawan 4. Iba pang larawan mula sa ginanap na Flag Hoisting

¹⁷ Ibid.

2. Mga Simbolismo sa Opisyal na Selyo ng Casiguran¹⁸

Ang bawat imahe o larawan na makikita sa selyo ng ng Casiguran ay kumakatawan at lumalarawan sa katangian ng bayang ito. Sa selyo ay mapapansin ang mga sumusunod:



Larawan 5. Ang opisyal na selyo ng Bayan ng Casiguran.

1. Mapa ng Casiguran na may 24 na sinag ng araw. Ito ay sumisimbolo sa 24 na barangay na bumubuo sa bayan ng Casiguran.
2. Ermita Hill- sumisimbulo sa historikal at kultural na palatandaan ng Casiguran.
3. Palayan- sumisimbulo sa isa sa mga pangunahing trabaho ng mga taga-Casiguran (Pagsasaka).
4. Naggagandahang mga dalampasigan/Baybayin- sumisimbulo sa pangunahing atraksiyon ng Casiguran (potensiyal sa industriya ng turismo).


¹⁸ Souvenir Program Committee, "Municipality of Casiguran: 400th Years Founding Anniversary, 2009, p.2.

5. Niyugan - sumisimbulo sa isa sa mga pangunahing produkto ng Casiguran (plantasyon ng niyog).

6. Bangkang Pangisda - sumisimbulo sa isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga tuga Casiguran (Industriya ng Pangisda).

7. Ang numero na nakasulat sa ibaba ay nagpapakita ng taon ng pagkakatatag ng bayan ng Casiguran.

3. Politikal na Subdibisyon at Nasasakupan ¹⁹



Larawan 6. Ang mapa ng Casiguran at mga barangay nito.

¹⁹ Municipal Planning and Development Office (2016)

Binubuo ng 24 na barangay ang bayan ng Casiguran na may kabuoang lawak na 71,543 hektarya. Walong barangay ang bumubuo sa Poblacion na may pinagsamang na 53.47 hektarya. Pinakamalawak ang Brgy. Tabas (15,598.38 hektarya) at kumakatawan sa 21.80% ng kabuoang laki ng munisipalidad. Kabilang sa iba pang mga malalaking barangay ang Ditinagyan na may 9,825.08 hektarya (13.73%), Cozo na may 8,352.09 hektarya (11.67%) at Tinib na may 7,412.52 hektarya (10.36%). Maliban sa Bianoan, Esperanza at Tabas ang lahat ay mga baybaying barangay.

Talahanayan 1. Land Area ng Bawat Barangay

Casiguran, Aurora²⁰

NO.	BARANGAY	AREA(HAS)	%
1	Barangay 01	8.9	0.01
2	Barangay 02	11.47	0.02
3	Barangay 03	1.41	0.002
4	Barangay 04	3.13	0.004
5	Barangay 05	4.93	0.007
6	Barangay 06	5.48	0.008
7	Barangay 07	5.92	0.003
8	Barangay 08	12.23	0.02
9	Barangay Bianoan	120.20	0.17
10	Barangay Calabgan	5,417.73	7.57
11	Barangay Calangcuasan	319.46	0.45
12	Barangay Calantas	1,079.78	1.51
13	Barangay Cozo	8,352.09	11.67

²⁰ Municipal Planning and Development Office (2016)

14	Barangay Culat	3,842.15	5.37
15	Barangay Dibacong	5,284.74	7.39
16	Barangay Dibet	7,016.46	9.81
17	Barangay Ditinagyan	9,825.08	13.73
18	Barangay Esperanza	453.89	0.63
19	Barangay Esteves	784.89	1.10
20	Barangay Lual	332.46	0.47
21	Barangay Marikit	329.57	0.46
22	Barangay San Ildefonso	5,319.44	7.44
23	Barangay Tabas	15,598.38	21.80
24	Barangay Tinib	7,412.50	10.36
	TOTAL	71,543.00	100.00%

Ang wikang Kasiguranin ay ang wikang bernakular sa Casiguran, na naiintindihan at nasasalita din kahit ng mga Dumagat. Ito ay isang pagkakakilanlan ng mga mamamayan. Ang tono, bigkas, at diin na katangian ng wikang Kasiguranin ay hindi nawawala kahit ang kausap ay mula sa ibang pangkat etniko partikular ang Tagalog. Kaalinsabay nito, sinasalita din ang ibang wika na dala ng ibang pangkat etniko na dumayo at piniling manirahan sa lugar. Bukod pa dito, mayroong limang barangay na kung saan matatagpuan ang komunidad ng mga Agta. Kabilang dito ang mga barangay ng Cozo, San Ildefonso, Culat, Tinib at Calabgan. Matatandaang ang Kasiguranin ay may impluwensiya ng wikang Dumagat-Casiguran nakung saan malaking bahagdan ng bokabularyo ay hango sa wikang katutubo ng mga Dumagat-Agta na unang

Heograpiya

Binubuo ang bayan ng mga burol at kapatagan sa hilagang-silangan ng Bayan ng Dilasag, sa Timog Kanluran ng bayan ng Dinalungan, sa hilagang-kanluran ng lalawigan ng Quirino at Timog Silangan ng Karagatang Pasipiko. Mararating ito sa pamamagitan ng isang apat na oras

na biyahe, sa pamamagitan ng bangka, o sa pagtahak sa *buked*²¹ ng Sierra Madre. Bilang nasa sentro ng DICADI²², karamihan sa mga panrehiyong tanggapan ng mga pambansang ahensya ng pamahalaan ay matatagpuan sa bayan.

Matatagpuan sa Casiguran ang magagandang baybayin at mga talon na naliligiran ng ibat ibang halaman. Isa sa mga sikat nitong baybayin ay ang Casapsapan beach na nagtataglay ng puting buhangin.



Larawan 7. Pakupak. Isa sa mga uri ng pako (fern family) na matatagpuan sa kabundukan ng Sierra Madre

²¹ Ang *Buked* ay salitang Casiguran na nangangahulugang bundok. Sa pag-unlad ng transportasyon ang oras ng biyahe ay nabawasan ng halos kalahati sa regular lalo kapag gamit ang pribadong mga sasakyan.

²² Ang *DICADI* ay isang acronym o katawagan na popular na ginagamit ng mga lokal na tumutukoy sa mga bayan na matatagpuan sa Hilaga ng Aurora: Dinalungan, Casiguran, Dilasag

Ilan sa mga tampok na pasyalan sa Casiguran ay ang mga sumusunod²³:

- Casapsapan Beach- kakikitaan ng mga puting buhangin sa baybayin at nababagay sa paliligo, snorkelling at surfing.



Larawan 8. Motiong Beach kuha ng larawan mula sa APECO

- Motiong Beach- malatsokolateng kulay ng buhangin kung saan matatagpuan ang mga punong aguho (fine tree species) Ang Motiong Beach ay matatagpuan sa barangay Esteves.
- Mainit Spring – Kilala sa pagkaroon ng mainit bukal ng tubig na matatagpuan sa Brgy Tinib.
- Disulon Falls – Isa mga mga kilalang talon na matatagpuan sa Barangay Ditinagyan.

²³ Chen Reyes Mencias et. al. "Heritage Mapping Report: Municipality of Casiguran Aurora", Philippines: Blue Water Consultancy, Training and Services, 2017.

- Ermita Hill – kilala ang burol kung saan nakahimlay ang mapaghimalang birheng Maria. Sa tuktok ng burol na ito ay matatanaw ang ganda ng Casiguran lalo na ang mga kabahayan at luntiang paligid



Larawan 9. (Kuhang larawan ng tanawin mula sa Ermita Hill (kaliwa) at ang larawan ng dambana ng mapaghimalang Birhen ng Ermita (kanan)

- Simbahan ni San Antonio de Padua- Itinayo ng mga Pransiskanong pari ang orihinal na simbahan noong 1609 at si San Antonio de Padua bilang patron at kasalukuyang matatagpuan sa sentro ng bayan malapit sa Mount Carmel College of Casiguran.



Larawan 10. Lual Port, Brgy. Lual, Casiguran, Aurora

Geology

Ang kapatagan ng Casiguran ay nabuo sa natural na mga pagguho at paggalaw ng mga alluvial sediments na binubuo ng parisukat at pabilog na malilit na mga bato, malalaking tipak ng bato, at pati na rin ang mga materyales tulad ng buhangin, silt at putik. Kabilang sa mga lugar na ito ang floodplains, terraces, fan, river beds, na mayroong mga lambak, swamps, at coastal areas.

Nagtataglay ang bayan ng Casiguran nang pinakamalawak na tidal flat kumpara sa iba pang ilang mga lugar na sumasakop sa silangang laylayan ng Sierra Madre. Ang mga ito ay nabuo sa pamamagitan ng paggalaw ng bulkan at kasunod na mga puwersa at kompresyon na dinala ng pagguho ng lupa, pagbagsak ng bato, at aktibong paggalaw ng tubig sa kailaliman. Ang munisipalidad ng Casiguran ay nahahati sa apat (4) pangunahing mga physiographic units, ito ay ang mga soil of the lowland, soil of the upland, soils of the hills at soils of the mountains.

Ang mga bakawan ng Casiguran ay siyang nagiging tahanan ng iba't-ibang uri ng yamang tubig na kalimitang ikinabubuhay ng mga mamamayan *madidabbaw*²⁴ man o *madisalad*²⁵ na bahagi ng ilog o dagat.

Klima

Ang Casiguran tulad ng iba pang mga bayan ng Lalawigan ng Aurora ay matatagpuan sa isang lugar kung saan umiiral ang *TYPE IV Climate of Corona's Classification System*. Ang sistema ng pag-uuri na ito, ay batay sa temporal na pagkakakalat ng mga pag-ulan na nagmula sa hilagang-silangan ng monsoon (Nobyembre hanggang Pebrero) at sa timog-kanluran ng monsoon (Hulyo hanggang Setyembre). Ito ang dahilan kung bakit ang pag-ulan ay mainam na nakakalat sa buong taon.

²⁴ Salitang Kasiguranin na nangangahulugang mababaw.

²⁵ Salitang Kasiguranin na nangangahulugang malalim.

Ang mataas at labis na mga kaganapan sa ulan ay malamang na mangyari sa panahon mula Oktubre, Nobyembre at Disyembre (485.7mm. 570.9 mm. at 434.1mm.). Ang isang direktang bagyo sa Aurora ay maaaring humantong sa isang malakas at tuloy-tuloy na bugso ng ulan. Halimbawa nito ay ang naitalang 401.1 mm na dami ng ulan noong Marso 13, 1971.

Ang pagkakaroon ng kondisyon ng La Niña ay nag-aambag sa pagbuo ng mga tropical storms at mga bagyo sa Kanlurang Pasipiko na maaaring maglakbay pakanluran at hilagang kanluran sa Philippine Area of Responsibility (PAR) at maaaring hindi makakaapekto sa Lalawigang Aurora. Tuwing panahon ng La Niña, tiyak na may karagdagang buhos ng *uden* sa buwan ng Oktubre. Sa karagdagan, lumilitaw ang mas mataas na posibilidad ng isang “out of season” event sa panahon tuwing buwan Marso. Kadalasang nararamdaman ang *madignen*²⁶ na panahon mula Disyembre hanggang Pebrero at *pit’ng-pit’ng*²⁷ na panahon sa buong taon.

Topograpiya / Elebasyon²⁸

Ang topograpiya ng Casiguran ay nailalarawan sa isang malubak na lupain. Ang hanay ng Sierra Madre Mountain ay siyang pinaglalagusan ng mga ilog, sapa at batis na umaagos patungo sa Casiguran Bay at Casiguran Sound.

Ang mga pangunahing ilog at sapa na matatagpuan sa bayan ay ang Amro, Calabgan, Gumaninang, Sitio Dimades ng Brgy. Dibet, Cozo, So. Minanga, So. Disugon, So. Dimasingan, So. Cabuleg, So. Dimalang, So. Casalogan, So. Casapsapan, So. Dipasaleng, So. Dyos, Do. Diaga, So. Pugo, So. Montay, So. Pulang Lupa, So. Sambay at Ditinagyan.

²⁶ Salitang Kasiguranin na nangangahulugang maginaw o malamig na panahon.

²⁷ Salitang Kasiguranin na nangangahulugang mainit na panahon.

²⁸ Municipal Planning and Development Office (2016), loc. cit

Ang mga lugar ng mababang lupain, na kapatagan ng alluvial, ay matatagpuan sa kahabaan ng baybayin ng Casiguran Bay. Sa silangang baybayin ay matatagpuan ang Cape San Ildefonso. Ito ang siyang pananggalang ng bayan sa malalakas na bagyo.

Ang elebasyon ng Casiguran ay umaabot sa 2 hanggang 1,670 metro sa itaas ng antas ng dagat na may pinakamataas na ruok na matatagpuan sa kalagitnaan ng kanlurang bahagi na malapit sa hangganan nito sa Quirino Province. Ang pangkalahatang mga dalisdis ng Casiguran ay umaabot mula sa 0-3% na inilarawan bilang mababang level hanggang sa 50% o masyadong matarik.

Talahanayan 2. Dalisdis ng Lupa sa Casiguran (Sukat at Bahagdan)²⁹

Slope Class	Description	Area (in hectares)	Percentage (%)
0 – 3	Level to nearly level	7,517.05	10.51
3 – 8	Gently sloping to undulating	746.74	1.04
8 – 18	undulating to rolling	15,846	22.15
1 – 30	Rolling to moderately steep	14,198.49	19.85
3 - 50	Steep	17, 393	24.31
>50	Very steep	15,840.87	22.14
	Total	71,543.00	100%

Ang mga kapatagan na karaniwang ginagamit para sa agrikultura at mga tirahan ay binubuo ng 7,517.05. o 10.5% ng kabuuan sukat. Ang mga lugar na mas mababa sa 18 % na

²⁹ MPDO Casiguran, Aurora General Land Data (2018).

inuuri bilang alienable and disposable lands ay sumasakop sa 24,110.43 ektarya. Halos 33.7% ng kabuuang mga lupain ng bayan ay nauuri sa Forestland.

Talahanayan 3. Gamit ng Lupa sa Casiguran (2008-2018)³⁰

Land Uses	Area (Hectares)
Forest Zone	49,124.00
Agriculture	7,184.00
Settlements	158.00
Economic Zone	12,496.00
Other Uses (Tourism, Roads, etc.)	2,581.00
Total	71, 543.00

Talahanayan 4. Gamit ng Lupa sa Urban³¹

Land Uses	Area (Hectares)
Agriculture	2.121
Commercial	1.70
Institutional Residential	10.23
Residential	18.30
Industrial	0.19
Open Space	0.26
Roads	11.15
Vacant	9.22
Total	53.36

³⁰ MPDO Casiguran, loc. cit.

³¹ MPDO Casiguran, loc. cit.

Temperatura at Relative Humidity³²

Ang naitalang taunang average maximum, minimum at mean temperature sa bayan ng Casiguran ay 31.1 °C. 21.5 at 26.3 °C. Nararanasan din ang paminsang-minsang *parnew*³³ epekto ng pagbabago-bago ng panahon buhat sa pagkakalantad ng lugar sa Karagatang Pasipiko.

Sa sea level, ang bayan ay may atmospheric temperature na 26.5 °C, habang ang temperature lapse rate ay tinatayang 0.5 °C kada pagtaas ng 100m na elebasyon. Kaya, sa pinakamataas na punto ng bayan, na 1,621 metro, ang temperatura ay nasa 18 °C. Ang relative humidity ay lumalaro mula sa maximum na 89 % at minimum na 86% na may annual mean na 87.5%.


Hangin at bagyo

Ang normal na hangin sa Aurora ay mababa, at humigit-kumulang dalawang metro bawat segundo sa buong taon. Sa Casiguran, ang direksyon ng hangin ay pa- hilaga sa buwan ng Enero hanggang Abril at muli sa mga buwan ng Oktubre at Disyembre. Pa-timog naman ito sa mga buwan ng Mayo at Setyembre.

Ang napakataas na bilis ng hangin sa Aurora ay sanhi ng pagkakalantad ng baybayin sa mga tropikal na bagyo. Ang pinakamataas na naitala na bugso sa Casiguran ay 75 metro kada segundo (270kph) noong Setyembre 3, 1986. Gayunpaman, tinatayang mas malakas pa sa nakalantad na bayan ng Aurora.

³² Municipal Planning and Development Office (2016), loc. cit

³³ Salitang Kasiguranin na nangangahulugang pag-ambon



Larawan 11. Imahe ng pinagsama-samang bagyo na dumaaan sa Pilipinas mula 1948-2016.


Tinatayang mayroon 20 na bagyo ang dumaraan sa Pilipinas kada taon, marami sa mga ito ay tumatama sa Aurora, partikular sa Casiguran. Narito ang ilan sa mga naitalang malalakas na bagyo na dumaaan sa Aurora partikular sa Casiguran

1. LANDO: Oktubre 18, 2015



Larawan 12. BAGYONG LANDO: mula sa PAGASA

Tumama ang isang “Super Typhoon” sa Aurora at nanalasa sa lugar sa mahigit 24 na oras. Malakas na bagyo ngunit mabagal ang pagkilos kaya lubos na nakapaminsala. Nang tumama sa Aurora, naramdaman ang napakalas na hangin sa lalawigan na dulot ng maximum sustained



Larawan 13. Sattelite Image ng Rosita (YUTU) noong Oktubre 29, 2019. Imahe mula sa NOAA



Larawan 14. Tumumbang poste dulot ng bagyong Santi. Kuha sa Casiguran.mula sa [:guides.wikinut.com](http://guides.wikinut.com)

winds 185 kph malapit sa gitna at pagbugso na 220 kph na nagdulot na ng mga pagtumba ng ilang mga puno. Nasira ang mga daan at tulay at nawalan ng kuryente, signal at koneksiyon.

2. ROSITA: October 29, 2018

Tinatayang mahigit 12.34 M ang nasira sa agrikultura ng bagyong Rosita³⁴. Tumama sa Casiguran, Aurora at halos ang kalakhan ng lalawigan ay signal number 2. Naputol ang daluyan ng kuryente ang kalakhang bahagi ng Aurora at mahigit 4000 na pamilya ang lumikas.

³⁴ Jason De Asis, “Rosita leaves P12.34-M initial agri damage in Aurora”. *Philippines News Agency*. October 2018. <http://www.pna.gov.ph/articles/1052662>

3. Santi³⁵ : Oktubre 11, 2013

Pumasok ang bagyong Santi sa gawing Aurora-Isabela. Ito ay may lakas na 130kph malapit sa sentro at pagbugso ng hanggang sa 160 kph.



Larawan 15. Malakas na agos ng tubig baha na dulot ng bagong Labuyo. (DICADI)

4. Labuyo (Utor): Agosto 13, 2013

Mahigit 57M ang nasira ng bagyong Labuyo sa buong Pilipinas. Nagtumbahan ang mga poste at puno, nawalan ng daloy ng linya ng kuryente at komunikasyon sa Aurora at maging transportasyon ay naantala. Dineklara ni Gob. Gerardo Noveras ang DICADI under state of

calamity.³⁶

Hindi kaagad nakaabot ang mga tulong sa Casiguran, Dilasag at Dingalan dahil sa nasirang mga daanan. Ayon sa punong bayan ng Casiguran, 95% ng kanilang mga gusali ay nasira. Maging ang ospital ay nasira din at pansamantalang isinagawa ang gamutan sa kanilang munisipyo.

³⁵ Official Gazette of the Philippines. "Updates: Typhoon Santi". October 2013.
<https://www.officialgazette.gov.ph/laginghanda/updates-typhoon-santi/>

³⁶ <https://www.sunstar.com.ph/article/299373>

Ang tinatayang pinsala sa agrikultura ay umabot ng P696,000 para sa bigas, P307,500 para sa mga gulay, P530,000 na halaga ng saging at P2,942,250 para sa high value crops.

Ang tinatayang buhos ng ulan ay umabot sa 10 - 25 mm kada oras sa loob ng diameter ng 600 km. Napilitan ang mga residente na lumikas upang makaiwas sa panganib ng pag guho at storm surge lalo at umabot na sa signal 2 at 3 ang nasabing bagyo.



5. Jolina (Pakhar): Agosto 25, 2017

Pumasok ang bagyo gawing Aurora-Isabela nagtataglay ng kalakasang hangin na 130kph.

6. Ompong (Mangkhut)³⁷: September 14, 2018

Larawan 16. Bagyong Jolina mula sa :
<http://northernforum.net>

Ang Ompong ay isang bagyo na may

lawak na 900 km diameters. Ito at nagtala ng Signal

number 2 at 3 sa ibat ibang bahagi ng Aurora na nagdala ng storm surge na abot hanggang 6 na metro.

Umabot sa P137,7 M ang nasirang pang imprastraktura at agrikultura³⁸. Ayon sa pamahalaang panlalawigan ng Aurora, tinatayang nasa P130,308,186 ang nasira sa agrikultura

³⁷ Rappler.com. "10 areas under Signal No. 3 due to Typhoon Ompong". Rappler. September 2018. <https://www.rappler.com/nation/special-coverage/weather-alert/211962-typhoon-ompong-pagasa-forecast-september-14-2018-11am>

³⁸ Jason De Asis. "Ompong damage to infra, agri in Aurora reach P137.7-M". Philippine News Agency. September 2018. <http://www.pna.gov.ph/articles/1048175>

habang P7,4000,000 naman na pang imprastraktura. Ang pinsala sa agrikultura ay umabot sa P42,658,610 para lamang sa bayan ng Casiguran.



Larawan 17. Ang mga miyembro ng Aurora Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council ay nagpulong upang masuri ang lawak ng mga pinsalang dala ng bagyong Ompong. (Larawan ni Jason de Asis):

<http://www.pna.gov.ph/articles/1048175>



Larawan 18. Malalaking alon na dala ng Bagyong Ompong. Kuha sa Casiguran ni Kevin Manalo - 09-18-2018. Mula sa : twitter.com/kevinmanalo

Demograpiya at Populasyon

1. Sukat ng Populasyon at Bilis ng Paglago

Noong 1960, ang naitala na populasyon ng Casiguran ay 6,900 katao. Ito ay halos dumoble sa 1970 censual year kung saan ang populasyon ay naitala bilang 12,128. May pagtaas na 76% o .8% taunang average rate ng pag-babago ng populasyon. Ang mga populasyon na may edad na 20 taong gulang at mas mababa ay umabot sa 6,479 katao o 29.9% ng populasyon ng munisipalidad. Habang nasa hanay ng edad na 21 hanggang 64 taong gulang ay 14,585 o 65.5%, at ang natitirang 4.6% ay matatandang mamamayan na 65 taong gulang at pataas.

Sa kasalukuyan, ang Biancoan ang may pinakamalaking bilang ng populasyon sa bilang na 3,960 (16% ng buong populasyon ng munisipalidad). Ang pinakamababang populasyon ay natagpuan sa Barangay 03 na may 257 indibidwal. Ayon sa sensus ng CBMS ng 2016, ang Casiguran ay may kabuuang populasyon na 27,577.

Talahanayan 5. Bilis ng Paglaki ng Populasyon³⁹

Years	Populasyon	Paglaki/Paliit	Municipal Growth Rate
1960	6,900		
1970	12,128	5,228	7.58
1975	11,670	(-458)	(-0.76)
1980	13,925	2,255	3.86
1990	18,268	4,343	3.12

³⁹ Philippine Statistics Authority (2016).

1995	19,578	1,310	1.43
1999	23,205	3,627	4.63
2000	21,549	(-1,656)	(-7.14)
2002	22,326	777	1.80
2007	25,822	3,586	3.13
2011	27,833	2,011	2.51
2016	27,577	-256	

2. Distribusyon ng Kasarian at Edad at Bilang ng Mga Sambahayan

Ang Casiguran ay may kabuoang populasyon ng sambahayan na 6,200. Ang Barangay 03 ang may pinakamaliit na bilang ng mga kabahayan na umaabot lamang sa may 64. Sinusundan ito ng Barangay 04, na may 68 na kabahayan. Ang Barangay 01 ay ang may pinakamataas na bilang ng mga kabahayan na may 192 at sinusundan naman ng Barangay 02 na may 168 na kabahayan.

Sa mga rural barangay, ang Barangay Esperanza ay may pinakamaliit na bilang ng mga kabahayan na may 110, na sinusundan ng Barangay Calabgan na may 125 na kabahayan. Ang Barangay Biancoan ay may pinakamataas na bilang ng mga kabahayan na may 904 na sinusundan ng Barangay Dibacong na may 551 na bilang ng mga kabahayan.

Talahanayan 6. Bilang ng Sambahayan at Distribusyon ng Kasarian

Casiguran, Aurora⁴⁰

NO.	Barangays	Populasyon	Lalaki	Babae	# ng	# ng	Average
-----	-----------	------------	--------	-------	------	------	---------

⁴⁰ Municipal Planning and Development Office (2016), loc. cit

					Bahayan	Pamilya	Household
1	Barangay 01	1,285	854	431	192	302	3.2
2	Barangay 02	1,000	448	552	168	203	4.4
3	Barangay 03	257	123	134	64	80	5.0
4	Barangay 04	244	124	120	68	98	4.0
5	Barangay 05	406	200	206			6.0
6	Barangay 06	208	102	106	78	81	5.0
7	Barangay 07	343	165	178	79	94	5.0
8	Barangay 08	710	395	315	157	214	5.0
9	Brgy. Bianoan	3,960	2,080	1,880	904	1,010	5.0
10	Brgy. Calabgan	717	367	350	125	163	4.0
11	Brgy. Calangcuasan	1 171	606	565	305	375	4.0
12	Brgy. Calantas	2, 056	1,073	983	478	528	4.5
13	Barangay Cozo	1,803	802	1,001	410	444	5.0
14	Barangay Culat	1,247	654	593	287	331	4.0
15	Brgy. Dibacong	2,231	1,091	1,140	551	559	4.7
16	Barangay Dibet	1,096	552	544	221	249	5.5
17	Brgy. Ditinagyan	663	336	327	131	167	4.0
18	Brgy. Esperanza	582	292	290	146	158	5.1
19	Brgy. Esteves	1,801	947	854	412	442	6.0
20	Barangay Lual	1,836	916	920	381	475	4.0
21	Brgy. Marikit	775	402	373	170	188	4.0

22	Brgy.San Ildefonso	1,202	625	577	311	318	5.0
23	Barangay Tabas	1,051	551	500			6.0
24	Barangay Tinib	933	489	444	216	254	5.0
	TOTAL	27, 577	14,194	13,383	-	-	5.0

II. PANANAMPALATAYA AT PANINIWALA

Malalim ang pinag-ugatan ng paniniwala ng mga Kasiguranin sa Diyos, sa Mapaghimalang Birhen ng Ermita at sa Patron na si San Antonio de Padua⁴¹. Ang unang mga mamayanan na naninirahan sa Casiguran ay isang sambayanan na rumerespeto sa Dakilang Lumikha at sa kaniyang mga nilikha. Hindi rin maikakaila na karamihan sa mga Kasiguranin ay Katoliko. Ang Katolisismo sa Casiguran ay maiuugat pa noong sa pagdating ng mga paring misyonero mula Spain upang magpalaganap ng pananampalataya taong 1960. Sa aklat na “Sa Tubig at Dugo”⁴² inilahad ang pagdating ng Kristiyanismo sa Casiguran at ang kasaysayan ng paglago ng pananampalataya ng buong lalawigan ng Aurora sa pagdaan ng panahon.

Ang Pananampalataya Bago ang Kristiyanisasyon

Bago pa man dumating ang mga Pransiskanong pari sa Casiguran, naniniwala na ang mga katutubo sa iisang Diyos. Ang Dumagat na sinaunang nanahanan sa Casiguran ay naniniwala kay *Makidyapat* na siyang pinagmulan ng lahat ng buhay. Gayunpaman napansin ng mga Kastila na wala silang porma at istilo ng pagsamba at mga ritwal.⁴³ Ang paniniwalang ito ay kahalintulad din ng mga dayong Malay na naniniwala din sa iisang Diyos.⁴⁴

Upang mas lubos na maintindihan, kailangang isaalang-alang na bago pa dumating ang mga Kastila, dalawang pangkat etniko/katutubo na ang naninirahan sa Casiguran, una ay ang mga Dumagat, ikalawa ay ang mga Malay. Naitaboy ang mga Dumagat sa kabundukan dahil sa

⁴¹ Isang paring Franciscan mula Portugal at Patron ng Casiguran.

⁴² Ang aklat na ito ay naglalaman ng masusing pag-aaral hinggil sa kasaysayan, pinagmulan at pag-usbong ng Pananampalatayang Kristiyanismo sa Aurora. Nailathala ang librong ito bilang pag gunita sa ika- 400 na taong ebanghelisasyon ng Aurora.

⁴³ Josefina T. Marino et. al., op.cit., p.8. Ito ay binanngit din sa personal na panayam kay Ria Esteves, Hunyo 2018, Pangulo ng SIKAP-KA (Sulong Ipagtanggol Karapatan Katutubo) Ito ay may adbokasiyang nagsusulong ng karapatan at pagkakaisa ng mga katutubong Agta (CNN Philippines, 2018). Sa pangkalahatan ang mga sinaunang Filipino ay animismo (animistic) at itinuturing na mas mababa ang antas kumpara sa mga pananampalatayang monogamismo (monogamy) katulad ng sa Kristiyanismo at Islam.

⁴⁴ Buhat kay Eleamor Barrera, Balidasyon 2018

bugso ng migrasyon ng mga Malay. Kaya't karamihan o lahat ng mga napasapi sa bagong pananampalataya ay ang mga Malay samantalang nanatili o di gaanong naapektuhan ang pananampalataya ng mga Dumagat.⁴⁵ Mahalaga din na malaman na ang pagpapalawig ng Kristiyanismo sa Aurora ay hindi nakabase sa umiiral na kultura ng isang lugar. Nangangahulugan ito na winawasak ng mga misyonero ang dinadatnan nilang kontekstong kultural at pinapataw ang kanilang relihiyon bilang nag-iisa at totoong relihiyon.⁴⁶

Ang Kristiyanisasyon ng Casiguran

Ang pananakop ng mga dayuhang Kastila ang nagbigay daan sa Kristiyanisasyon ng buong kapuluan ng Pilipinas, kasabay ang Lalawigang Aurora -Baler at Casiguran bilang unang mga naitatag na bayan. Taong 1609 nang maitatag ni Fray Blas Palomino ang misyon sa Baler at Casiguran. Hindi kinailangang magsagawa ng *reduccion*⁴⁷ dahil sa ang lugar ay may sarili ng pamayanan. Ang pamayanan ay hinati-hati sa mas maliit na barangay upang mas mapadali ang pamamahala. Nagtalaga ng prayle sa bawat barangay at inatasang magtatayo ng kapilyang gawa sa kawayan. Dito nila isinagawa ang pagtuturo ng ebanghelyo⁴⁸ at inisa-isa ang bawat kabahayan sa bawat araw.

Sa sigasig ng mga prayleng Pransikano⁴⁹ naitatag ang Parokya ni San Luis de Tolosa sa Baler noong 1611, dalawang taon makalipas itatag ang misyon. Sa Casiguran ay naitatag din ang

⁴⁵ Thomas N. Headland, "The Casiguran Dumagats Today and in 1936", *Philippine Quarterly of Culture and Society* 3 (1975): 245- 257.

⁴⁶ Josefina T. Marino et. al., op.cit., pp.193-194.

⁴⁷ Literal na kahulugan ay "*to put [the people] under the peal of the bell*". Istratehiya ng mga Kastilang prayle na kung saan sapilitang tinitipon ang mga sambayanan malapit at paikot sa simbahan at plaza upang mas mapadali ang pagpapalaganap ng kanilang relihiyon.

⁴⁸ Marino et. al., op. cit. p.24.

⁴⁹ Ang Pransiskano ay kilala sa pagiging masigasig sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Ipinagbabawal sa kanilang orden an pagmamay-ari ng mga materyal na yaman at salapi kaya naman madaling nilang nakuha ang tiwala ng mga tao

Parokya ni San Antonio de Padua sa pangunguna ni Fray Pascual Serrano, bilang kauna-unahang kura paroko, taong 1616. Ang dalawang Parokya na ito ay naibilang sa eklesiyastikong nasasakupan ng Mindoro.⁵⁰ Noong 1950, tuluyan nang napabilang ang Baler at Casiguran sa Prelatura ng Infanta.⁵¹

Ang Parokya ni San Antonio de Padua ng Casiguran



Larawan 19. Ang simbahan ng Patron na si San Antonio de Padua.

May dalawang vicariato ng simbahan sa Aurora: ang Valley- Ding⁵² at ang DIBICADI. Ang Parokya ni San Antonio de Padua ay kabilang sa vicariato ng DIBICADI⁵³ kasama ng tatlo pang parokya. Ang pagkakatatag ng San Luis Obispo sa Baler (1609) at Parokya ni San Antonio

⁵⁰ Marino et. al., op. cit. p.25

⁵¹ Ibid., p.102

⁵² Binubuo ito ng San Luis Obispo ng Baler, San Vicenter Ferrer ng Maria Aurora, Santa Teresita ng Batang si Hesus ng Dipaculao, San Patricio ng Dingalan, San Luis na Hari ng San Luis at Maria Ina ng Sambayanan ng mga Dukha ng Barangay Quirino.

⁵³ Binubuo ito ng San Antonio de Padua ng Casiguran, San Jose Manggagawa ng Dilasag, San Isidro Labrador ng Dinalungan at Nusetro Senora de Salvacion ng Barangay Biancoan.

de Padua (1616) ang itinuturing na ugat at pasimula ng pagkakatatag ng iba pang maraming parokya sa Aurora. Si San Agustin ang unang patrong ng bayan ng Casiguran noong 1609 ng naitayo ang simbahan. Ngunit napalitan ito ni San Antonio de Padua bilang patron nang maging ganap na parokya ito nong 1616 sa pangunguna ni Fray Pascual Serrano bilang unang kura paroko.⁵⁴ Ayon sa deskripsiyon ng mga Pransiskanong pari:

“... pawang mga pinagsama samang mga nayon o di man mga kubo lamang ang bumubuo ng mga kabahayan sa Baler, Binangonan de Lampon at Casiguran kaya’t una silang ibinilang sa eklesyastikong nasasakupan ng Mindoro...”⁵⁵

Noon una ay wala ring mga permanenteng prayle ang naitalaga sa Casiguran kaya’t minsan sa isang buwan lamang sila kung dumalaw upang magbinyag o magkasal at iba pang gawain. Sa ika-19 na siglo, nagtalaga na ng misyonero sa Casiguran at tuluyan na din nagsimula ang mga gawaing pang-misyon kasabay ng pagtulong sa mga tao lalo na sa pagpapaunlad ng agrikultura.⁵⁶

Narito ang listahan ng mga dating kura paroko sa Casiguran mula Panahon ng Espanyol hanggang taong 1952:⁵⁷

Alamat ng Casiguran

Dahil sa haba at yaman ng kasaysayan ng Kristiyanismo sa Casiguran, malaki ang naging epekto nito sa paniniwala ng mga Casiguranin. Isang halimbawa nito ay ang mga alamat at kuwentong pangkasaysayan. Mapapansin na hindi mahihiwalay ang relihiyon sa mga ito. Halimbawa na lamang ang mga kwentong himala tungkol sa Mapaghimalang Birhen ng Ermita. Mababasa sa ibaba ang dalawang akdang pangkasaysayan at alamat na patuloy pinaniniwalaan,

⁵⁴ Marino et. al., op. cit. p.245

⁵⁵ Ibid.

⁵⁶ Ibid.

⁵⁷ Maximo Moral & Severiano Liwanag, Historical Data Regarding Barrios, Towns, Cities, and Provinces (1952), mula sa National Library of the Philippines, <http://nlpdl.nlp.gov.ph:81/HD01/p39/cm9/md1/lgu.htm>

nasasalin sa mga bagong henerasyon at patuloy na natatala sa mga publikasyon at pag-aaral hinggil sa lalim ng pananampalataya ng mga Kasiguranin at pagtingin at pagkilala sa kanilang sariling paniniwala. May dalawang bersyon ang alamat na ito.

1. Unang Bersiyon⁵⁸

“Sa isang panig ng kapuluan ay may isang bayan na ang pangalan ay Casiguran. Sa pandinig ng mga Morong tulisan ay umabot ang balita na sa pinakadulo ng lalawigang Tayabas, sa may baybaying dagat ay katangi- tangi ang isang bayang may dalawang simbahan na kapwa mayaman sa ginto.

Hindi mabilang na vinta⁵⁹ ng mga Moro ang matuling bumagtas ng Borlongan, Dinadyawan, at Calabgan mula sa Baler. Pagdating sa dakong Motyong ay nalito ang isipan ng mga Moro. Wala silang maaaring lusutan sa may dakong iyon upang marating ang pakay na lugar. Wala silang nakitang lusutan sa dakong tila pinagtalikupan ng bundok at dalampasigan.

May ilang mangingisda ang nakakita sa mga vinta na mabilis na pumalaot. Nakilala nilang sasakyan yaon ng mga Moro ng balita sa pagsalakay sa mga bayang walang panananggol at tanggulan. Nahinuha rin nilang napaglalaman ng Motyong ang mga sukaban.

Nagkaisa ang mga taong bayan na magtayo ng tanggulan sa Dipalale. Yari ito sa mga batong buhay. Sa bawat paligid ay may mga butas na sapat paglagusan ng mga panudla sa kaaway. At nagsimula ang taguri sa bayan na, “kasiguran”- Kasiguruhan laban sa kaaway.

⁵⁸ Buenaventura Q. Sindac et. al., *Kasaysayan ng Lalawigan ng Aurora* (w.p.)

⁵⁹Tradisyonal na Bangka mula sa Isla ng Mindanao

Lumipas ang ilang panahon, nagimbal ang buong bayan sa di-kaginsaginsang pagdating ng mga hindi mabilang na Morong sandatahan. Nagkaroon ng isang himala. Ang tangka ng mga ito ay magnakaw sa kayamanan ng dalawang simbahan. Subalit, hindi nila naisagawa ang sukab na balak sapagkat dalawang suot mandirigma at nagkikislapang ang mga kalis at espada ang sumagupa sa kanila. Maraming nangamatay at ang ilang natitira ay patakpong nakisugod sa mga taong bayang mga Moro sa gulod sapagkat ang dalawang mahiwagang mandirigma ay nauna na pala at walang lubay na nagpadausdos ng mga batumbuhay at sila ay nadaganaan ng naglalakihang bato samantalang ang mga taong bayan ay payapang nakarating sa itaas ng gulod.

Isang linggong nagbunyi ang bayan bilang pasasalamat sa pagtatanggol na ginawa ng dalawang mandirigma na dili't iba ang Mapaghimalang Birhen sa Ermita at ang mahal na patrong si San Antonio de Padua. At muling nagtumibay ang taguri Kasiguruhan- Kasiguran."

2. Ikalawang Bersiyon⁶⁰

"Sa Bayan ng Casiguran, sakop ng Lalawigan ng Quezon, ang pinakamagandang tanawin ay masisilayan sa burol ng Ermita. Buhat dito ay mamamalas ang kabuuan ng maliliit, maunlad at matulaing bayan ng Casiguran. Ang bayan ay napapaligiran ng mga ilog na naglalagusan sa napakalawak na karagatan. Ang mga bukirin ay sagana sa mga pananim at mayaman sa di mabilang na punong niyog. Sa panggitnang taas ng gulad ng Ermita ay nakaluklok ang mapaghimalang Birhen ng Ermita.

⁶⁰Chen Reyes Mencias et. al, Training and Services, loc cit. p. 90- 93, sumipi sa aklat ng Panitikan ni Consolacion Mantaring.

Noon dakong una, nang hindi pa natatagalang nasasakop ng Espanya ng Pilipinas, sa gulod ng Ermita ay may tumutubong punong kahoy na kapansin- pasin ang yabong ng mga dahon. Dala-dalawa at magkakuros kung malaglag sa lupa ang mga dahon ng panong kahoy na ito. Itinuring ng mga pantas ng Kura Paroko na ito ay isang himala kaya't ipinag-utos ng Kura na putulin sa gitna ang katawan ng mahiwagang punong kahoy. Inuukit dito ng Kura Paroko (isang magaling na manlililok) ang imahen ng Birheng Maria. Nawala ang Birhen sa altar ng kapipintuhong Birhen sa pinaglullukan sa kanya kinabukasan pagkatapos ng dakilang araw ng pagluluklok. Hinalughog na ang buong bayan looban at palibot ng simbahan, pati na ang kakahuyan sa likuran nito, ngunit ng nawawalan na ng pag-asa ang mga naghahanap ay saka nila namataan ang mapaghimalang Birhen na matamang nakaluklok sa pinagputulang kahoy. Nabuo sa mabilis na pasiya ng Kura na kaipala ay hindi nasisiyahan sa kanyang luklukan ang Birhen. Kailangan tayuan ng simbahan sa lugar ng punong kahoy na pinutol at gawing altar ang bahaging natira sa puno. Pagkatapos isinagawa ang kapasiyahan ng Kura Paroko ang Birhen ay hindi na umalis sa kanyang luklukan.

Ang ganda ng Birhen ay tila naging kaakit- akit at nakaanyaya ng kabanalang umaabot sa karurukan ng kalangitan. Itinakda ng Kura Paroko ang isang tanging araw bilang kapistahan ng Mapaghimalang Birhen.

Sa tanging araw na iyan ay ibinababa ang Mahal na Birhen mula sa kanyang luklukan kasama ng Nazareno papunta sa bayan. Para bang napapahiwatig ng pagtutol ng Birhen sa pag- alis ng kanyang luklukan. Hirap na hirap ang walong katao na nagbuhat sa kanyang pagpapanaog samantalang kayang-kaya buhatin siya ng dalawang

katao sa pagbalik sa kanyang luklukan. Hanggang sa ngayon ay nagaganap ang pangyayaring ito tuwing iaalis mula sa kanyang luklukan ang Mahal na Birhen.

Nagsimula ang himala matapos maluklok ang Birhen sa Ermita. Nagkakamit ang kanyang pita ang sinumang tapat na sumasampalataya sa kapangyarihan ng Birhen. Binigyan ng ginhawa at dagliang gumagaling sa taglay na karamdaman at ang kaluluwa ay nananagana sa walang hanggang grasya ang mga maysakit na humahalik sa bakas ng kanyang mga yapak.

Gayundin, laganap ang paniniwalang ang bayan ng Casiguran ay pinanahanan ng engkantadong mag-asawang bakang ginto. Binubulahaw ng kanilang kahindik-hindik na ungol ng katahimikan ng gabi. Ilang matatapang na lalaki ang naglabasan upang talunin ang mag-asawang ginto, hanggang sa ilog ng Kasalogan. Magdamag halos nag-aaway, nagbabasaan, nag-susuwagan at nagkikiskisan ang katawan ng mag-asawang baka. Madaling araw na kung huminto ang kanilang ungal at magbalik ang katahimikan sa bayan. Paniwala din ng mga taong bayan na matapos magbangayan, ang mag-asawang bakang ginto ay bumabalik ng mahinusay sa kanilang tahanan sa yungib ng Ermita.

Dumungaw ang mga tao sa ilog ng Kasalogan kinaumagahan pagkatapos mag-away ang mag-asawang baka. Katakot-takot ang gintong nagsabog sa pangpang ng ilog. Naglutang sa malinaw ng tubig ang mga gintong kaliskis na natuklap sa katawan ng nagbungguang mga baka.

Ipinasyal ng Kura Paroko na isasama sa mga nag-siyasat sa pampang ng Kasalogan, na ang lahat ng gintong na ipon ng mga tao ay ihandog sa ikararangal ng

Birhen ng Ermita, gayundin sa Patron ng batang si Antonio de Padua sa Nazareno, at iba pang mga santo.

Gagamitin ang ginto sa paggawa ng mga kagamitan sa pagmimisa, gaya ng kopita para sa alak na sagrado at kopa para sa sagradong tinapay. Ang mga pantas ay buong- pusong sumang- ayon sa kapisayahang ito.

Lumipas ang ilang taon, umabot sa pandinig ng mga Morong tulisang- dagat ang balita na sa pinakadulo ng lalawigang Tayabas sa baybaying dagat ay may bayang katangi-tangi dahil sa dalawang simbahan na kapwa mayaman sa ginto. Hindi mabilang na vinta ng mga Moro ang matuling lumagpas sa Borlongan, Dinadiawan, Simbahan at Calabgan. Mula sa Baler, pagdating sa may Motyong ay nalito ang mga isipan ng mga Moro. Wala silang nakitang lusutan sa dakong tila pinagtalikupan ng bundok at dalampasigan. Kaya buong kawalang pag-asang pinaurong ng mga Moro ang kanilang sasakyan.

Nakita ng mga mangingisda ang mga vintang mabilis na pumalaot. Nakikilala ang mga sasakyan ng mga Moro ng balita sa pag salakay ng mga bayang walang pananggol at tanggulan. Nahihinuha rin nilang pinaglalaman ng Motyong ang mga sukaban. Nagkaisa ang mga taong bayan na magtayo ng tanggulan sa Dipalale. (Hanggan sa ngayon ay natitira pa ang naturang tanggulan).

Ang tanggulan ay yari sa mga batong buhay. May mga butas sa bawat paligid na sapat paglabasan ng panudla sa mga kaaway. Dito nagsimula ang taguri sa bayan “Casiguran”. Kasiguruhan mula sa mga kaaway.

Lumipas pa ang maraming panahon, ibang pangkat naman ng mga tulisang- dagat ang sumalakay sa bayan ng Casiguran. Kagaya din ng mga naunang nagtangkang

lumusob sa bayan, ang kanilang pakay na nakawin ang balitang kayamanan ng simbahan. Sa tulong ng malakas na hangin na bunsod ng mga Moro ang kanilang vinta upang mapasok sa look ng Motyong. Bumulaga sa paningin ng mga tulisang Moro ang isang katangi-tanging look na ang dalampasigan ay may busilak na mga puting dalampasigan.

Naghanay ang nagtatayugang mga puno ng anggo. Malamig ang simoy ng hangin na nakabubusog ng diwa. Pumupuno at humihigop sa kaluluwa ang katahimikan ng lugar. Pati ang mga hunihan ng mga ibon ay may kakaibang lamyos at tamis. Wari ba ay nararating nila ng rurok ng kanilang paraiso, kulang na lamang ay salubungin sila ng mga pili at nagdirilagang prinsiba na tinutukoy sa kanilang Koran.

Nagsimula ang labanan ng mga Moro at taong bayan. Kabi-kabila ang mga kalansingan ng mga armas na magbuwal sa mga Morong duguan na marami ang nag-aagaw buhay. Ang nakapagtataka ay parang mga kaaway lamang ang mga pinipili na tamaan at patayin ng tila umulang bato, samantalang ang mga taong bayan ay walang anumang nakarating sa taas ng gulad ng Ermita. Isang linggong nag bunyi ang taong bayan bilang pasasalamat sa pagtatanggol na ginagawa ng mapaghimalang Birhen ng Ermita at ng Mahal na Patron San Antonio de Padua mula sa mga tulisang mandirigma. Muling nagtaginting ang taguring “Casiguran”- Kasiguruhan sa kanilang bayan.

Sa pagdaan ng panahon, nagkaroon ng kawikaan ang mga taga Casiguran sa sinumang binatang dayuhan na dumalaw sa bayan nila ay hindi nakakaalis hanggang walang natatagpuang kabiya ng puso. Nangangahulugang “Casiguran”- “Kasiguruhan” na sa lugar na ito matatagpuan ang taong nakatadhana na mamahalin habang buhay.”

Ayon sa dalawang bersiyon na may kinalaman sa alamat ng Casiguran, mapapansin na malaki ang ginagampanan ng Mahal na Birhen ng Ermita at ng kanilang patron na si San Antonio de Padua. Naniniwala ang mga Kasiguranin na ang kanilang tagumpay at kaligtasan ay dulot ng mga himala ng birhen at ng kanilang patron. Ito ay nagpapatunay na hindi matatawaran ang ambag ng Birheng Milagrosa ng Ermita sa mga mamamayan ng Casiguran mula pa noon unang panahon.



Larawan 20. Matatanaw sa makasaysayang Ermita Hill ang bahagi ng Poblacion ng Casiguran Aurora na dominanteng pinaninirahan ng mga taal na Kasiguranin.

Dahil sa malalim na ugat sa kamalayan ng mga mamamayan ang kahalagahan ng Ermita, ipinatayo ni Iwa So, isang Intsik na nakapangasawa ng isang Kasiguranin, ang kasalukuyang Ermita [Hill]. Naitayo ang simbahan sa itaas ng bundok sa tulong ni Iwa So. Patuloy na naipaayos ng simbahan sa tulong ng ilang kababayang may malalim na pananalig sa Birhen ng Ermita. Isa rito si Reynaldo (Binsu) Bitong, isang mamamayan ng Casiguran. Sa tuwing sasapit

ang Mahal na Araw [Lent Season] at iba pang okasyon, maraming mga mananampalataya at bakasyunista ang pumupunta sa lugar. Sapagkat hindi naman hadlang ang wikang ginagamit upang maunawaan ng mga mamamayan at mga turista sapagkat pareho silang matatas sa wikang pambansa.



Larawan 21. Ang simbahan sa Ermita Hill na ipininatayo bilang tanda ng pagmamahal ng mga Casiguranin sa Mahal na Birhen ng Ermita

Hanggang sa kasalukuyan marami ang nagpapatotoo sa mga himalang ito. Ayon sa mga Casiguranin ang birhen ay bumababa at naglalakad bilang isang matandang babae na basa at may amorseko sa laylayan ng damit upang manggamot ng may mga sakit. Ang hiwaga at paniniwalang ito ay patuloy na nasasalin sa bagong henerasyon sa tulong na din ng mga deboto⁶¹

⁶¹ Marino et. al., op. cit., p. 248

Mga Pagdiriwang ng Simbahan

1. Mahal na Araw

Sa tuwing sumasapit ang Mahal na Araw, ipinagdiriwang ito ng mga may panata sa pamamagitan ng pagpipinitensya mula sa pagsapit ng araw ng Miyerkules ng Abo hanggang sa araw ng Biyernes Santo sa paniniwalang ang taimtim na panalangin at pagsasakripisyo ay magkakaroon ng katugunan mula sa Mapaghimalang Birheng Ermita. Idinaraos ang prusisyon sa huling araw ng pagpipinitensya. Maraming tao ang sumasama sa prusisyon. Inuumpisahan ito sa ika-3 ng at tumatagal hanggang sa ika-6 ng gabi.

Maliban sa pagpipinitensya at prusisyon, isa parin sa kaugaliang isinasagawa ng mga tao upang ipagdiwang ang Mahal na Araw ay ang pag-aayuno. Gayundin ang pagbasbas ng pari sa palaspas o anumang bagay na mga dahon sa araw ng Linggo ng Palaspas at pinaniniwalaang mag aadya sa panganib, salot, sakit at makakagamot sa maraming karamdaman.

2. Turumba

Isa sa mga tampok na tradisyon sa Casiguran ay ang Turumba. Ito ay isang tradisyong kultura na nakaugat sa malalim na pananampalataya ng mga Kasiguranin na kung saan nagsusuot ng damit pambabae ang mga kalalakihan (bestida o palda) na nagpapahiwatig ng pagiging buntis. Isang uri ng *fertility dance* na sa pagdaan ng panahon ay naging bahagi nadin ang mga personal na hiling at intensiyon.⁶² Sa bawat kanto ay sumisigaw ng *Viva La Purisima* at tumatalon ang mga kalalakihan kapag dumaan na ang prusisyon. Sila ay sumasayaw at kumekendeng-kendeng habang naglalakad sa kabayanan. Ginagawa ito sa gabi tuwing sasapit ang ika-7 ng Disyembre taon taon. Naging bahagi nadin ng turumba ang pagpapasalamat sa mga biyayang ipinagkaloob sa kanila, gumaling sa kanilang mga sakit at matupad ang kanilang iba pang mga panalangin

⁶² Buhat kay Zenaida H. Rodriguez, Balidasyon 2018.

lalong lalo na ang mabiyayaan ng sanggol o *fertility*.⁶³ Ang turumba ay isa sa mga tampok na tradisyong inaabangan dahil ang pakikilahok dito ay magbubunga ng magandang ani at mabibiyayaan ng anak ang mga mag-asawa.⁶⁴ Ang Turumba ay isinasagawa din sa sa Pakil, Laguna at Baras, Rizal na sinasabing nagsasagawa din ng kaparehong selebrasyon⁶⁵ ngunit maaaring nagkaroon ng iba't-ibang istilo at bersiyon.

3. Araw ng Pagsalubong

Bilang isang pamayanang may malalim na pinag-ugatan ang pananampalataya, ang mga tradisyong may kinalaman dito ay naging bahagi na ng kultura ng pamayanan. Isa dito ang taontaong pagdiriwang ng Pagsalubong [Easter Sunday]. Sinasaksihan ng mga tao sa araw na ito ang pagsasadula ng pagsasalubong ng ina [Maria] at ng kaniyang anak [Hesu-Kristo] habang naghihirap at pasan pasan ang krus. Sa seremonyang ito, umaawit ang mga batang nagkakagulang ng apat hanggang anim na taon. Ibinababa ng mga babaeng relihiyosa ang imahen ng Birhen mula sa Ermita papunta sa kanilang tahanan, sa burol ng bundok, at itinutuloy sa simbahan sa bayan upang ipagdiwang ng banal na misa. Inaakyat uli ang imahen sa kanyang tahanan sa simbahan ng Ermita ng pagkatapos ng misa.

4. Kapistahan ng Casiguran

Ang pagdiriwang ng kapistahan sa bayan ng Casiguran ay nagsisimula tuwing Hunyo 09 hanggang Hunyo 13. Tampok ang mayamang kultura, tradisyon, sining, ang malalim na

⁶³ Elektronikong Panayam kay Crysalis David (January 2019).

⁶⁴ Chen Reyes Mencias et. al., op. cit., p. 81: Panayam kay Ms. Eleamor Barrera

⁶⁵ Ibid.

pananampalataya sa Diyos at pagpapasalamat sa gabay ni San Antonio De Padua na kanilang Patron at pinakatampok sa nasabing kapistahan.⁶⁶

Ang kapistahan ay nilalahukan ng mga mamamayan, lider, peoples'organization, non-government organization, manggagawa at mga kawani ng gobyerno at higit sa lahat nang mga katutubo. Ang pagdiriwang ng pistang bayan ay nagpapamalas ng pagkakaisa para sa katagumpayan at masiglang pagdiriwang ng tatlong mahalagang kasaysayan sa Casiguran. Una, ang taong pagkakatatag ng minamahal na bayang Casiguran; pangalawa ang anibersaryo ng Pambansang Kasarinlan; at higit sa lahat ang Araw ng kanilang Patron na si San Antonio De Padua.

Ang Dalit kay San Antonio ng Padua at Dalit kay San Roque

Sa pamamagitan ng pakikipamuhay at pagmamasid sa mga gawi ng mga tao sa lugar mapapatunayan ang matibay at malalim na pananampalataya ng mga mamamayan. Isa sa mga panitikan na may kinalaman sa relihiyon ay ang DALIT KAY SAN ANTONIO NG PADUA at DALIT NI SAN ROQUE na nagpapahiwatig ng pangangalaga at pag-aadya ng patron sa mga taga-Casigsuran sa panahon ng mga kalamidad at mga sakuna.

Ang mga dalit na ito ay panitikan na isinulat at inaawit bago matapos ang selebrasyon ng misa na maging ang mga bata lalo't higit ang mga matatanda. Ang mga dalit na ito ay nagpapahiwatig ng kanilang papuri, pasasalamat, at parangal sa kanilang patron. Batay sa mga panayam, si San Antonio de Padua ang kanilang Patron na tagapaghatid mensahe sa ating Diyos sa lahat ng kanilang mga panalangin. Siya rin ang Patron na nagliligtas sa mga sakuna tulad ng bagyo, lindol, tsunami at anu mang trahedya o mga hindi inaasahang pangyayari sa kanilang bayan.

⁶⁶ Mensahe mula kay Fr. Jose Francisco V. Talaban sa Casiguran 408th Foundation Anniversary Souvenir Program

Naging sentro ang Casiguran ng iba't ibang sakuna at kalamidad at ito ang nagpalakas at nagpatibay sa debosyon ng mga Kasiguranin. Matatandaang naitala sa Casiguran ang Intensity VII na lindol noong Agosto 2, 1968. Ito ang tinuturing na pinakamalakas na lindol sa kasaysayan ng Casiguran na kumitil ng mahigit 200 buhay. Ramdam ang lakas ng lindol hanggang Maynila sapagkat napatumba nito ang Ruby tower sa isang iglap. Nagdulot din ito ng mga pagguho at pagbitak- bitak ng lupa. Maging sa Japan ay naitala ang pagtaas ng alon.⁶⁷

Dalit kay San Antonio ng Padua⁶⁸

KORO: Ang pagkupkop mong marangal nagbibigay ng katotohanan maamong Antoniong Banal, Idalangin ang makasalanan.

1. Mal'walhati mong pangungusap, pinilit ang isda sa dagat.

Na magsilitaw at makimat'yag ng pangangaral na iyong atas.
At yao'y nagging kababalaghan, pumawi ng sampung libong kamalian.
Maamong Antoniong Banal, idalangin ang makasalanan.

2. Ikaw nga po sa mga bagyo, kanlungang milagroso.

Sa ningas na masilakbo, tubig ka sa kaawaan mo.
Daungan ka ngang matibay, sa dagat na kabagsikan.
Maamong Antoniong Banal, idalangin ang makasalanan.

3. Pinagaling mo ang mga pangko't pilay, paralitiko leprahin man,

Mababagsik na manggagawa'y pinawi mo ang karamdaman.
Ginamot ang kasakitan pati na walang kaarian.
Maamong Antoniong Banal, idalangin ang makasalanan.

4. Bukbuking sala'y lumakas, bulag, pingkaw at may sugat,

At pinagaling anumang hirap, inaliw mo ang namamanglaw.
Sinong medico sa kalangitan ang pinagpala't sinaklolohan.

⁶⁷ DOST PHIVOLCS, "1968 August 02 Casiguran Earthquake". DOST-PHIVOLCS Website.
<https://www.phivolcs.dost.gov.ph/index.php/17-earthquake/39-1968-august-02-casiguran-earthquake>

⁶⁸ Jocelyn Guerrero-Curitana (Casiguran: Simbahan ng San Antonio de Padua, 2015)

Maamong Antoniong banal, idalangin ang makasalanan.

5. Nalunod ng tatlong araw, sampung sanggol iyong binuhay.

Dalawang armenyo sa kagandahan, iniligtas sa kapanganiban.
Pagkat ang liyag na magulang, nagsisitangis sa kasakitan.
Maamong Antoniong banal, idalangin ang makasalanan.

6. Ang isang walang walang sampalataya, kung pinatawad ang kanyang sala.

Inako mo't ikaw ang nagdala ng kaparusahang dapat sa kanya.
At ng kunin mo'y araw ring yaon, hinulugan ng Diyos, biyayang susun-suson.
Maamong Antoniong banal, idalangin ang makasalanan.

7. Nagtanggol ka sa alinmang preso, sa tanikala at grilo.

Ang dumating sa iyo'y nalilikmo, sa kasalanang marumi't mabaho.
At ikaw nga po Orfeong Marangal ni Hesus bulaklak, sampagang tunay.
Maamong Antoniong banal, idalangin ang makasalanan.

8. Sa habag, kapangyarihan at panalanging tunay.

Sa Bendisyong bungang alay hingi nami'y kaaliwan.
Sa iyo ang ikapapasalangit at sa mga confesors na dilag.
Maamong Antoniong banal, idalangin ang makasalanan.

9. Kay Hesus na Poong liyag, pinili n'yang pagkarilag.

Gawa yaon pagkat kasing hayag, kaniyang propetang maingat.
At sa confesories na dilag, nagbibigay ng katotohanan.
Maamong Antoniong banal, idalangin ang makasalanan.

Dalit ni San Roque

1. San Roque mahal na santo
Anong ganda ng banta mo
Pagka konde iniwan mo
Nag-anyo kang peregrino.

Koro: Ipanalangin mo kami
Mahal na Poong San Roque
Iadya mo at ilibre
Sa mapaglililong peste

2. Ang marikit mong damit
Ay iyong ipinagpalit
Ang inibig mo ay gulanit
Siya na ngang pag-alis
Ipanalangin mo.
3. At sa iyong paglalakad
Ay dinatnan ka ng hirap
Ang paa mo ay nagkasukat
Halos di mo mailakad
Ipanalangin mo.
4. Saka doon ka natahan
Sa isang kwebang mahal
Sa labas tabi ng bayan
Niyong romang kaharian
Ipanalangin mo.
5. Ng mapagmasdan ng Diyos
Ang kalinisang loob
Isang anghel ang nanaog
At ang paa mo ay ginamot
Ipanalangin mo . . .
6. Bagamat nga ay gumaling
Walang matutuhang gawin
Saan kukuha ng kanin
Sa Diyos ka dumalangin
Ipanalangin mo.
7. Isang aso ng mayaman
Ang nagnakaw ng tinapay
Dinala sa iyong harapan
Diyos ang may kalooban.
Ipanalangin mo.
8. Nagwika ka sa loob
Ano kaya Diyos ito
Ano't ang may dala'y aso
Tinapay sa harapan ko.
Ipanalangin
9. At sa iyong pagkabusog
Sa grasya't lalang ng Diyos
Sampung tubig ay umagos

Sa batong buhay pumutok
Ipanalangin mo kami

10. Tubig na ito'y bumukal
Sa tabing kwebang tahanan
Magpa anyong kagamutan
Sinadya ng sino pa man.
Ipanalangin mo

11. Sa iyong pagpapahinga
Niyong gabing madilim na
May boses na narinig
Nasa salot ang san roma.
Ipanalangin

12. Sinagot ni hesus na tambing
Hintay tahan muna anghel
At ako'y may wiwikain
At siya mo ngayon sundin
Ipanalangin mo

13. Totoo nga ang wika mo
At hustisya ang dala mo
Datapwat ang tungkod mo
Miserikordia ng tao
Ipanalangin mo

14. At itong tungkod mong dala
Sa peste salot ay sangga
Kaya Roque magtuloy ka
At sabihin mo sa papa.
Ipanalangin mo

15. Siya mong pagkagising
Sa boses na gayon badya
Ay agad nanalangin ka
Sa Diyos na poong ama.
Ipanalangin mo kami . . .

16. Ng magbubukang liwayway
Sa papang ipinatawag
Soldados ipinahanap
Si Roque sa parang gubat
Ipanalangin mo

17. Ng ikaw ay masundan

Nasa tabi na ng daan
Ng kwebang iyong tahanan
Doon sa romang kaharian.
Ipanalangin

18. Ay agad mong pinapasok
Nangunguna ang soldados
Saka siya mong pagsunod
At nag-isa kang lumibot
Ipanalangin mo.
19. Ng magbubukang umaga
Siyang pagsalubong muna
Anghel ay tungkod ang dala
At ibibigay sa kanya
Ipanalangin mo
20. Roque ito ay kunin mo
At siyang loob mo
Utos ng Diyos sa iyo
Kalarahin mo ang tao
Ipanalangin mo kami
21. Siya mong paglibot naman
Siyodades at bayan-bayan
Mga kalyeng nilalakaran
Ay iyong pinagbebendisyunan.
Ipanalangin mo kami
22. Mula sa siyudad ng Roma
Sa kahariang iba pa
Nilibot mo't binendita
Binasbasang para – para
Ipanalangin mo kami
23. Kaya Poong Santong Mahal
San Roque may kabanalan
Ang awa mo'y walang hanggan
Siya naming inaasahan.
Ipanalangin mo
24. Pakundangan ala-ala
At pagpipinitensya
Nagpakawalang puri ka
Nobles ay na-anyong mura.
Ipanalangin mo

25. Mayaman ang nag-anyong pobre
Layaw ay nagpakaimbi
Sagana ay nagpaka-api
At sa gutom ay nanatili.
Ipanalangin mo

26. May lugar ay pagpiit
Napabilanggong masakit
Ngalan mo'y ipinagkait
Di nagpakilalang tikis.
Ipanalangin mo.

27. Nagpakamatay sa presyon
Sa karsel ay nagpaburo
Anghel ang naghatid doon
Nang tabla sa pagkaburo.
Ipanalangin mo kami

28. Siya ang pagkaulila
Nang ikaw ay mamatay na
Ang tiyan mo'y nakita
Apoy mandin napipinta.
Ipanalangin mo kami

29. Kahit walang puno't dulo
Ang alay naming gust
Di man dapat ay dinggin mo
Pagtawag namin sa iyo.
Ipanalangin mo.

30. Roque wag nang itulot
Na kami po ay mapasok
Ng tuksong katakot - takot
Nakalulunas ng loob.
Ipanalangin mo

Iba pang mga Relihiyon

Ang Casiguran, bagamat mayaman sa paniniwala at kasaysayan ay hindi naiiba sa paraan kung paano sila nakikipag-ugnayan sa Dakilang Lumikha. Nang mabinyagan sa bagong paniniwala mula sa pagmimisyon ng mga paring Kastila, karamihan sa mga mamamayan ay naging mga Katoliko at sumamba at nanampalataya ayon sa paraan ng kanilang relihiyon at

pananampalataya. Sa pamamagitan ng panalangin at pagsamba ipinapakita ng mga Kasiguranin ang pakikipag –ugnayan sa Diyos.⁶⁹ Sa pagdaan ng panahon, dumating ang iba’t ibang relihiyon at paniniwala. Ilan sa mga ito ay ang Born-Again Christian (Feb. 1985)⁷⁰ Iglesia ni Kristo (Setyembre 30, 1952)⁷¹, at sa huling bahagi ng dekada ang Seveth Day Adventist, Dating Daan, Jehovah’s Witnesses, Mormons at Muslim sa Casiguran. Sa kabila nito mababatid ang pagkakaisa sa patuloy na pagpapa-unlad ng mga ito.⁷²

Bagama’t mayaman ang Casiguran sa kasaysayang pangrelihiyon, kapansin-pansin ang pagyakap ng mga ito sa mga iba’t-ibang paniniwala na dala ng mga pari, pastor at iba pang mga pagmimisyon. Ang karamihan sa mga tampok na pagdiriwang at tradisyon ay sariling bersiyon mula sa orihinal kung paano ito ipinakilala ng mga Kastila sa mga Filipino. Ngunit walang nabuong sariling literatura na may kinalaman sa dasal, dalit, o kahit sa pagdiriwang ng banal na misa [Katoliko]. Patuloy na ginagamit padin ang Tagalog bilang midyum sa simbahan, sa pagsamba, sa pakikipagtalastasan sa mga deboto at mananampalataya. Halos lahat ay adaptasyon ng orihinal na nagkaroon ng ilang modipikasyon sa pagdaan ng panahon. Hindi katulad sa naisagawa ni Headland na maliban sa Diksiyunaryong Agta, gumawa din siya ng salin ng bibliya gamit ang wika ng mga Agta Kasiguran.⁷³

⁶⁹ Personal na Panayam kay Ria Esteves at Maria Mel Glemao. Casiguran Aurora. (Hunyo 2018)

⁷⁰ Ibid

⁷¹ Personal na Panayam kay Jeanelie A. Roxas. Casiguran, Aurora. (Enero 2019)

⁷² Personal na Panayam kina Luz Orgas, Marilyn Calugtong, at Marilou Gonzales. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018),

⁷³ Panayam kay Eleamor Barrera (Hunyo 2018). Sa mga nabanggit na dokumento, tanging ang Agta Dictionary na lamang ang may natitirang kopya na nasa pangangalaga ni Lorna B. Maaliw, SB Secretary ng Casiguran. Ang salin ng bibliya sa Wikang Agta Kasiguran ay nababanggit sa mga panayam ngunit walang ebidensiya o nakuhang kopya ang mga mananaliksik. Ito ayon sa kanila ay dahil sa malalakas na bagyo na naranasan sa lugar na nagdulot ng pagkasira ng mga tala, aklat at iba pang dokumento hinggil sa lugar

III. SISTEMANG PANGKABUHAYAN

Napapaligiran ang Casiguran ng mga ilog na naglalagusan sa napakalawak na karagatan. Ang mga **buked**⁷⁴ ay sagana sa mga pananim at likas yaman na pinagkukunan ng mga mamamayan ng kanilang ikinabubuhay.

Pangingisda at pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga mamamayan. Sapat sa pangangailangan ng pamilya ang kanilang kinikita at natutustusan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan lalo at sagana ang ani at mga likas na yaman sa lugar.

Pangingisda

Walang partikular na uri ng isda ang hinuhuli lalo at ang lahat ng nakukuha mula sa isang gabing pangingisda ay maaaring mabili sa pamilihan o kaya ay gamitin sa sariling pangangailangan. May kamalayan ang mga mangingisda na tanging ang malalaking uri lamang ang huhulihin upang hindi maapektuhan at mapinsala ang populasyon ng isda na sa katagalan ay maaaring magpaliit ng huli at maapektuhan ang kanilang hanapbuhay.⁷⁵

Sagana sa yamang tubig ang malawak na karagatan ng Casiguran. Ito ay nagsisilbing taguan/pangitlugan ng mga iba't ibang uri ng lamang dagat. May mga **abbis** (maliit na isda), **bangkoles** (yellow fin), **bigew** (bigew), **bulinaw** (bulinaw), **buressan** (tulingan na may guhit), **gassak** (banak), **guno** (guno), **mataan** (buraw), **maredi** (maredi), **monamon** (monamon), **orakok** (lapu-lapung itim), **sarray** (saray), **sengkag** (sengkag), **tambilawan** (tambilawan), **tanuto** (tanuto), **tigi** (malaking monamon), **bansaway** (alimango sa dagat), at **tulaklak** (sapsap) ay ilan lamang sa mga nahuhuli ng mga mangingisda sa Casiguran.⁷⁶

⁷⁴ Ang *buked* ay salitang Kasiguranin na nangangahulugang bundok.

⁷⁵ Personal na Panayam kay Danilo Buenviaje. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

⁷⁶ Balidasyon 2018.



Larawan 22. Mga sariwang pusit at isda na kadalasang nahuhuli Casiguran



Larawan 23. Mga mananaliksik dala dala ang malasuge na huli ng isang mangingisda mula sa Sitio Paraiso, Brgy. Culat, Casiguran, Aurora

Hindi lamang sa isda mayaman ang bayabayin ng Casiguran. May mga *shells* din silang nakukuha tulad ng **parek** (kodkod), **kurappan** (pilikmata), **sugisok** (ulo niya ay mabuhangin), **bulan-bulan** (gisang-gisang), **balilit** (balilit), **duweng** (duwengan iniihaw na shell), at **pepes** (suso). Mayroon din silang ibat' ibang lamang ilog na nahuhuli katulad ng **udeng** (hipon), **agima** (alimango), **gapet**, **kimpi**, **bolol**, **kulag** (palos), **anned** (isdang pula), **pilingan** (isdang ilog), at dalag.⁷⁷



Larawan 24. Matatagpuan o mahuhuli sa mga ilog ang soso (susô) at kod-kod (river/mud clam, mula bivalve family) mga karaniwang yamang dagat na sagana sa lugar.

⁷⁷ Personal na Panayam kay Alzandro Dolfo. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018). Para sa kumpletong tala ayos sa common name at local name ng mga isda, shells at iba pang lamang dagat na nahuhuli sa Casiguran, tingnan ang Apendiks.

Paraan ng Pangingisda

Maraming paraan ng pangingisda ang ginagamit sa lugar. Ito ay bunga ng tradisyunal at makabagong paraan. Ang paggamit ng **rambat**⁷⁸ ang isa pinaka epektibong pamamaraan sa panghuhuli ng isda maging sa ilog at dagat. Kalimitang inilaladlad sa ilog o dagat na nagsisilbing bitag sa mga isda at iba pang lamang dagat. Pagkatapos ng ilang oras, hahanguin mula sa tubig at may laman ng mga nahuling isda.



Larawan 25. Makikita sa larawan na matiyagang tinatahi ng mangingisda ang lambat

⁷⁸ Ang **rambat** ay salitang Kasiguranin na ang ibig sabihin ay lambat, karaniwan na isang nilalang tamsi (fishing line) na ginagamit sa panghuhuli ng isda.

Itinuturing na napakahalaga ng bangka sa pang araw- araw na buhay ng mga Kasiguranin lalo ng mga mangingisda at mga nasa baybaying dagat. Ginagamit ito bilang trasportasyon sa pagpasok sa paaralan (mula sa Brgy. Cozo)⁷⁹, at higit sa lahat bilang pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay. Kalimitang makukulay at madalas pinipintahan ng mga kani-kaniyang mga pangalan.



Larawan 26. Makukulay na bangkang ginagamit ng mga mangingisda

⁷⁹ Kalimitang ginagamit ng mga residente mula sa Brgy. Coz ang bangka bilang trasportasyon dahil ito ay mas mabilis kumpara sa kalsadang nagdudugtong dito sa iba pang Brgy. ng Casiguran. Kalimitan ang daan ay malubak, maputik, matarik at makitid lalo at kasalukuyang isinasagawa ang pagsasaayos nito.



Larawan 27. Bangka ang nagsisilbing transportasyon ng mga mag-aaral ng Lual National High School sa Pagpasok sa Paaralan. (Lual Port, Brgy. Lual, Casiguran, Aurora)

May iba't-ibang istilo at pamamaraan na ginagamit ang mga Kasiguranin sa panghuhuli ng isda at iba pang yamang tubig. Gumagamit ang mga lokal ng **bubu**⁸⁰ upang makahuli ng **agimâ**⁸¹. Isang uri ng bitag na kalimitan ay gawa sa nilalang maliit na kawayan. Sa loob inilalagay ang pain [*bait*] at kapag pumasok na sa loob, hindi na makakalabas ang **agima**.

⁸⁰ Ang *bubu/bubo* ay isang uring bamboo fish trap na ginagamit sa panghuhuli ng alimango sa mga ilog at sapa. May iba't-ibang hugis at porma ayon sa tradisyon at paraan ng paggamit nito.

⁸¹ Ang *agimâ* ay salitang Kasiguranin na nangangahulugang alimango (mudcrab).



Larawan 28. Kariwang nahuhuli ang mga **agimâ** sa Casiguran dahil sa lawak ng *mangrove forest* na nagsisilbing panahanan at itlugaan nito.

Ang iba naman ay direktang nag-gagama (**magama**)⁸² sa mga ilog gamit ang mga kamay. May mga lokal naman na naggigila (**magila**)⁸³. Sa paraang ito, dalawang tao ang hahawak sa magkabilang dulo ng lambat habang lalakad patungo sa gilid upang masalo ang mga isda. **Magkawet**⁸⁴ naman ang paraan ng panghuhuli ng agimâ gamit ang kawit [*hook*]. Karaniwan gawa sa metal na binaluktot sa dulo at ginawang kawit [*hook*] na ipinapasok sa mga lungga nito. Sa mga lugar na mayaman sa tidal flat at **maglimas**⁸⁵. Kalimitan kahit ang maliliit na isda at iba pa ay kasamang nahuhuli sa paraang ito. **Magmanti**⁸⁶ gamit ang “**panti**” o lambat na inihuhulog sa laot na mas mainam kung walang buwan. **Mamiwas**⁸⁷ naman ang isang paraan gamit ang “**biwas**” ang kawil [*hook*] at tamsi [*line*] ay nakakabit sa payat na sanga ng kawayan na

⁸² Panghuhuli ng agimâ gamit ang mga kamay. Kakapain ng mga kamay sa ilalim ng tubig o putik.

⁸³ Panghuhuli ng agimâ at isda gamit ang lambat na ang tawag ay gila.

⁸⁴ Panghuhuli ng agimâ gamit ang kawit (hook) na karaniwang gawa sa metal.

⁸⁵ Paraan ng panghuhuli ng isda na kung saan ang isang bahagi ng ilog o sapa ay pinapatuyuan/tinatanggalan ng tubig tuwing kate (lowtide) at naiwan ang lahat ng isda at iba pa sa ibabaw ng putik o lupa.

⁸⁶ Paraan ng panghuhuli ng isda sa mga look at dagat na kalimitang inilaladlad at babalikan lamang matapos ang ilang oras.

⁸⁷ Paraan ng panghuhuli ng isda gamit ang kawil (hook) at tamsi (line) na nakakabit sa isang sanga ng kawayan

kahalintulad ng modernong *fishing rod*. **Mamukut**⁸⁸ ang paraan upang gamit mahuli ang mga maliliit na isda tulad ng “**bolinaw**” [*anchovies*].



Larawan 29. Kabuhayan din ng mga mangingisda sa Brgy. Culat, Casiguran Aurora ang pamamaraang *pamumukot*, panghuhuli ng maliliit na isda.

Manabeng⁸⁹ naman ay isang paraan naman ng pagkuha ng mga *seashell* sa dagat o gubat ng mga bakawan tuwing **kate** (*lowtide*). Gamit ang **togbek (Manogbek)**⁹⁰ nangingisda ang mga lokal maging sa araw o sa gabi.

⁸⁸ Paraan ng panghuhuli ng isda kalimitan sa dalampasigan gamit ang mahabang lambat na hinihila ng mga mangingisda upang maihahon sa dalampasigan.

⁸⁹ Paraan ng pangangalap ng shell specie tuwing kate (*lowtide*) sa mga dalampasigan o sa gubat bakawan (*mangrove forest*).

⁹⁰ Paraan ng pangangisda kalimitan sa laot gamit ang kawil at tamsi.



Larawan 30. Iba't-ibang klase ng kawil na ginagamit sa pangngisda.

Gamit ang sulo ilaw (**manulo**)⁹¹, isinasagawa ang panghuhuli ng isda tuwing *kate* (*lowtide*) sa gabi. Gumagamit din sila **koleman**⁹²[**simbo** o ilaw] upang makita ang mga ito. Kalimitang may may dala silang **sikpaw**⁹³ at **battek**⁹⁴. Ang **Magsarodsod**⁹⁵ naman ay isang paraan gamit ang lambat na ang tawag ay **sarodsod** na panghuli ng **padyaw** o hipon sa dagat.

⁹¹ Paraan ng panghuhuli ng pangngisda at iba pa gamit ang sulo, ilaw o simbuhan kalimitan kapag kati (*lowtide*) tuwing gabi at walang buwan.

⁹² Mula sa brand ng ilaw na Coleman lantern na gumagamit ng alcohol.

⁹³ Ang sikpaw ay tumutukoy sa pinong net na ginagamit sa pagkuha ng isda matapos itong matamaan ng pana, itak o sibat lalo sa malalim na bahagi ng ilog o dagat.

⁹⁴ Salitang Kasiguranin na nangangahulugang pana.

⁹⁵ Ang magsarodsod ay paraan ng pangngisda gamit ang net na ang nahuhuli ay hipon sa dagat.

Mga Produkto sa Pangangisda

Ugali ng mga mangangisda na maglaan para sa pansariling konsumo habang ang karamihan ay ipinagbibili sa pamilihan o sa mga talipapa. Sa panahon ng kanilang kapistahan, itinatampok ang kanilang ani at huli bilang pagkilala sa kanilang ambag para sa pambansang kaunlaran. Iba't ibang grupo at mga samahan ng mga mangangisda ang dumadalo dito upang makilahok bilang bahagi ng pagdiriwang ng Araw ng Agrikultura.



Larawan 31. Ibinida ng iba't ibang oraganisasyon sa Araw ng Agrikultura ang kanilang malalaking **malasuge** at iba pang huli at ani.

Mapapansin din sa mga kubol ang mga *processed foods* at produkto ng iba't-ibang mga samahan at kooperatiba sa Casiguranin. Ang ibang isda ay ibinebenta nila ng sariwa, habang ang ilan naman ay sumasailalim sa pagpoproseso upang mas mapatagal at mapasarap pa ang mga ito.

Pagdadaing at pagtutuyo ang kalimitang proseso sa mga nahuhuling isda, paggawa ng tinapa at ang paggawa ng *fish salami*. Patunay ito na mayroon nang mga inobasyon at makabagong pamamaraan upang mapaunlad ang kita at ang kabuhatan.

Bagamat moderno na ang ilang mga pamamaraan na ginagamit ng mga mangingisda, may mga ilang paniniwala parin na isinasagawa na ayon sa mga mamamayan ay makakasiguro ng magandang huli. Kapansin-pansin dito ay ang pagpaspas [gamit ang tanglad] sa lambat, bangka at lahat ng gamit sa pangingisda. Ang iba naman ay nag-aantanda [*sign of the cross*] at ang iba naman ay nananalangin para makasiguro ng magandang huli.⁹⁶ May paniniwala din ang mga mangingisda na kailangang **magsuob** [pausukan] ang kanilang bagong gawang bangka bago ito **ipalsang**⁹⁷ sa dagat. Sa kanilang paniniwala, isinasagawa ito upang itaboy ang malas na maaaring magdulot ng kapahamakan habang nangingisda sa laot.⁹⁸

Pagtatanim⁹⁹

Dahil sa biyaya ng kalikasan, bukod sa pangingisda, marami rin ang nabubuhay mula sa pagsasaka at pagtatanim. Ang pagtatanim sa **umâ**¹⁰⁰ ay isa sa mga pnangunahing ikinabubuhay ng mga magsasaka. Ang mga magsasakang Kasiguranin ay di naiiba sa larangan ng pagsasaka

⁹⁶ Personal na Panayam kay Larry M. Castillo. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

⁹⁷ Ipalsang ay salitang Kasigurani na nangangahulugang ilusong.

⁹⁸ Datos mula sa naganap na balidasyon. (Disyembre 12, 2018)

⁹⁹ Personal na Panayam kay Rosito Tudoc. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

¹⁰⁰ Ang uma ay salitang Kasiguranin na nangangahulugang bukid.

kung ihahambing sa mga magsasaka sa iba pang mga lugar sa Pilipinas. Gumagamit ang mga Kasiguranin ng tradisyunal na mga kagamitan sa pagsasaka tulad ng **aradu**¹⁰¹ at **dappog**¹⁰².

Paray¹⁰³ ang pangunahing pananim ng mga magsasaka. Mahilig din sila magtanim ng iba't ibang prutas tulad ng **apaya**¹⁰⁴ at **biget**¹⁰⁵. Kasama din ang pagtatanim ng iba't ibang uri ng **atong**¹⁰⁶ tulad ng kalabasa, okra, talong at sitaw. May mga lamang ugat na bahagina knilang produkto tulad ng **gaok**¹⁰⁷, **ganet**¹⁰⁸ at **obe**¹⁰⁹.



Larawan 32. Itinampok sa araw ng Agrikultura ang produksiyon ng mga magsasaka. Makikita ang kasaganaan ng lugar sa biyaya ng kalikasan, mapayamang tubig man o yamang lupa.

Tradisyon at Paniniwala sa Pagtatanim

Naniniwala din ang mga magsasaka sa ilang mga tradisyon at mga paniniwala na dapat isagawa upang masiguro ang magandang ani. Tamang panahon ng pagpupunla at pagtatanim ang dapat na unang isaalang-alang sa kadahilanang madalas daanan ng mga malalakas na bagyo at mga natural na kalamidad ang Casiguran. Ang pagtatanim ay kalimitang isinasagawa kapag kabilugan ng buwan dahil ang bilog na buwan ay sumisimbulo sa pagdami o paglaki ng produkto

¹⁰¹ Ang aradu salitang Kasiguranin na nangangahulugang araro.

¹⁰² Ang dappog salitang Kasiguranin na nangangahulugang kalabaw.

¹⁰³ Ang paray salitang Kasiguranin na nangangahulugang palay.

¹⁰⁴ Ang apaya salitang Kasiguranin na nangangahulugang papaya.

¹⁰⁵ Ang biget salitang Kasiguranin na nangangahulugang saging.

¹⁰⁶ Ang atong salitang Kasiguranin na nangangahulugang gulay.

¹⁰⁷ Ang gaok salitang Kasiguranin na nangangahulugang tugi.

¹⁰⁸ Ang ganet salitang Kasiguranin na nangangahulugang gabe.

¹⁰⁹ Ang obe salitang Kasiguranin na nangangahulugang ube.

o pamumunga ng mga itinatanim.¹¹⁰ Mapapansin na may mga naniniwala pa rin sa kaugalian ng tamang pananamit ayon sa mga pananim. Kapag kamoteng baging ang itatanim, dapat ang kasuotan ay damit na may manggas at sa mga kaingin sa kabundukan may mangilan ngilan pading na nagtatanggal ng damit habang nagtatanim upang masiguro ang magandang ani.

Lumalahok din ang mga magsasaka sa turumba at inuusal ang kanilang mga kahilingan at personal na intensiyon.¹¹¹ Sa ganitong paraan, naniniwala sila na magiging masagana ang ani.¹¹² Kapag dumating naman ang panahon ng anihan, ang mga magsasaka ay nagpapasalamat sa kanilang tinanggap na biyaya sa pamamagitan ng kanilang pagbabahagi. Sila ay nagpapakain sa kanilang kapwa bago nila itinda ang kanilang inani. Ito ay tanda ng pasasalamat at naniniwala sila na mas dadami ang kanilang ani. Nakagisnan din ng mga Kasiguranin ang pag-aatang ng kakanin, manok na inilalagay sa bilao sa gitna ng *uma*¹¹³ Ang mga magsasaka ay nagsasagawa ng **tuyaw**¹¹⁴ nag-aalay ng mga pagkaing walang asin na may kasamang pagkakatatay ng hayop¹¹⁵. Ito ang iba't-ibang paraan at ekspresyon ng pasasalamat para masagang ani. Ang mga magsasaka, bagamat gumagamit na din ng modernong paraan at teknolohiya sa pagsasaka ay patuloy na nagsasagawa ng mga ritwal at tradisyon na hindi kakaiba sa ritwal at tradisyon ng mga ibang kultura.

Nararamdaman din ng mga mangingisda at magsasaka ang ilan sa mga epekto ng *Climate Change*. Dito nasusubukan ang pagiging matatag ng mga mamamayan. Sa mga panahon na walang **uden** nararanasan ang pagkatuyo o *El Niño*.

¹¹⁰Personal na Panayam kay Elena Chavez. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

¹¹¹Buhat sa balidasyon 2018

¹¹²Personal na Panayam kay Rosito Tudoc, Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

¹¹³Personal na Panayam kay Mario Santorce, Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

¹¹⁴ Ang tuyaw ay salitang Kasiguranin na nangangahulugang pag-aalay ng pagkaing walang asin.

¹¹⁵Personal na Panayam kay Sanny Santos, Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

Sa kasalukuyan, may mga ilan na pinipiling ipadala ang kanilang mga anak sa labas ng lalawigan upang makapag-aral at may mga piniling magtrabaho sa labas, taliwas sa hanapbuhay at kinagawian ng kanilang mga magulang.

Mga Produkto mula sa Pagtatanim

Katulad din sa pangingisda, ang mga naani ay dinadala sa pamilihan o mga talipapa upang ibenta. Tuwing Kapistahan ng Kasiguran, nagkakaroon din ng Araw ng Agrikultura bilang pagpupugay sa mga manggagawang Kasiguranin mula sa sektor ng Agrikultura. Dito ay dinadala ang mga iba't ibang produkto buhat sa pagtatanim upang maibenta. Dinadaluhan din ito ng mga organisasyon at grupo ng mga magsasaka.



Larawan 33. Nakangiting nagbabantay ang isang miyembro ng Casiguran Vegetable Grower Association ng kanilang mga panindang gulay

Bilang bahagi ng pagpapaunlad ng produksiyon at hanapbuhay may mga nagsasagawa nadin ng pagpapatubo ng mga kabute sa mga *fruiting bags* at kultibasyon ng mga **hasik** [na palay] sa mga kaingin at tanima]



Larawan 34. Mga panindang kabute mula sa Bianoan New Generation Farmer Association



Larawan 35. Mga Produkto mula sa Casiguruhan Natin Organic Farmer's Association

May grupo din ng mga magsasaka na gumagamit ng organikong pamamaraan sa pagtatanim. Ito ay ang Casiguruhan Natin Organic Farmer's Association (CNOFA).

Bukod sa mga sariwang ani, mayroon ding mga produkto na bahagi ng tradisyon at parte na ng kasaysayan ng lugar. Isa na dito ay ang suman¹¹⁶, sa pag unlad ng turismo nagkaroon nadin ng bananachips, atsara, mga palaman at marami pang iba.



Larawan 36. Isa sa varayti ng suman ay ang patupat na gawa sa malagkit at tagapulot ang ginamit bilang pampatamis. Sa hugis at itsura at prosesong pagluluto nagkakaiba.

¹¹⁶ Ang suman ay tradisyunal na pagkain ng mga mamamayan ng lalawigang Aurora dahil sa saganang lugar sa **malagkit** (*glutinous rice*) at niyog. Ayon sa kasaysayan, noong panahon ng pananakop ng mga Hapon, nasira ang mga palayan at iba pang pinagkukunan ng pagkain. Upang magkaroon ng bigas, gagawa ang mga taga Aurora ng langis mula sa niyog at ito ay dadalhin sa Bongabon [Nueva Ecija] upang ipagpalit ng bigas. Umaabot ng tatlong araw ang paglalakad at suman ang pinakapraktikal na baon na pagkain dahil ito ay hindi kaagad nasisira kahit umabot pa ng limang araw. (Personal na panayam kay Mariano A. Quiñones, Hunyo 2018)

Hindi maikakaila ang yaman ng Casiguran. Sapat ang yaman nito para sa kasalukuyan at sa mga susunod pang mga henerasyon. Itinuturing ito “Enchanting Paradise of the North”¹¹⁷ dahil sa malaparaision ng mga baybaying dagat, talon, ilog, kabundukan, kabubatan, mga likas na yaman at marami pang iba. Isang paraiso sa dulo ng hilaga malapit sa Karagatang Pasipiko. Kapansin pansin ang yaman ng wika sa mga salitang ginamit sa mga lokal na isda, halaman, prutas, proseso at marami pang iba. Kinikilala ang mahalagang kontribusyon at gampanin ng bawat sektor ng lipunan lalo’t higit ang pagkilala sa mga katutubo bilang mga pambansang yaman at kalinangan. Malaki ang kanilang naging impluwensiya sa pagpapalago ng Wikang Kasiguran at naging matibay na pundasyon upang ito ay umunlad at magbago.

¹¹⁷ LGU Casiguran tourism video. <https://www.facebook.com/watch/?v=1193149277403338>

IV. SITWASYONG PANGWIKA

Deskripsiyon ng Wika

Kabilang ang Wikang Kasiguranin sa mga katutubong wika sa Pilipinas. Ayon sa mapa ng wika ng Pilipinas na inilabas ng Komisyon sa Wikang Filipino kabilang ito sa 133 na wika sa buong Pilipinas. Ngunit bago pa lamang ganap na mapag-aralan at maitala ang mga wikang katutubo ay ilan sa mga ito ay nanganganib nang maglaho.¹¹⁸

Maliit na populasyon lamang ang nagsasalita ng Wikang Kasiguranin. Sumibol ito mula sa orihinal na Agta Kasiguranin at naimpluwensiyahan ng migrasyon mula sa iba't-ibang pangkat etniko. Ang mga Dumagat at Agta ang mga unang nanirahan sa lugar hanggang sa dumating ang mga migranteng nagsasalita ng iba't-ibang wika at diyalekto tulad ng Ilokano, Bisaya (Visayan), Bicolano (Bicolano), Pampango, Gadang, Itawes at Ibahag. Mula sa mga wika/diyalektong ito isinilang and “Kasiguranin”¹¹⁹. Kinikilala ang napakalaking impluwensiya ng Wikang Agta upang makilala at mabuo ang panibagong wika.

Pangalan ng Katutubong wika

Bagaman hindi nabibilang sa pangkat-katutubo ng Pilipinas ang Casiguran, maituturing itong salamin ng lahi at yaman na ipagmamalaki at pagkakakilanlan ng mga naninirahan dito. Kung kaya't ang nangangailangan ng masusing pag-aaral at pagdodokumento ng wika bilang hakbang sa preserbasyon upang mapagyaman, hindi maglaho at mamatay gaya ng sinapitng ibang wika ng Pilipinas.

¹¹⁸ Virgilio S. Almario, “KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat, Ikalawang Edisyon”. 2015. Pilipinas: Komisyon sa Wikang Filipino. 2015.

¹¹⁹ Murashige, Mariah. Brief History of Casiguran Aurora. January 2012.
<https://sites.google.com/site/alaskakelpforest/home/briefhistoryofcasiguranauroraphilippines>

Ayos sa ilang gurong Kasiguranin, binabaybay sa K ang unang letra ng wikang Kasiguranin sapagkat Tagalog ang karamihang naninirahan sa bayan ng Casiguran.¹²⁰ Dagdag pa, tinatayang 77% ng diyalektong Kasiguranin ay halos hawig sa bokabularyo o salita ng Casiguran Agta at ang natitirang 52% nito ay Tagalog.¹²¹

Gagamitin ang C para sa Casiguran kung ito'y tumutukoy sa bayan, at K para sa Kasiguranin, tawag sa gumagamit ng wika gayundin sa mga taong naninirahan dito. Nagmula ang Kasiguranin sa katutubong salita ng mga Dumagat, ngunit dala ng migrasyon o paglilipat-lipat at paghahanap ng ikabubuhay ng iba't ibang grupo ng tao, nagkaroon ng paghahalo-halo ng mga salita, ito ngayon ang tinawag na Kasiguranin.¹²² Maituturing na kakaiba ang wikang Kasiguranin at ang Agta¹²³ ang may malaking impluwensiya dito. Sa paglipas ng panahon, nahaluan na ito ng mga diyalekto mula sa Hilagang Luzon, Visayas at Rehiyong Bicol¹²⁴.

Itinampok sa isang pagtatanghal noong Pebrero 14, 2018, ang mga alamat at lokal na kasaysayan ng walong bayan ng lalawigan bilang bahagi ng pagdiriwang ng pagkakatatag ng Lalawigang Aurora. Tinawag itong ANYO¹²⁵, na nagtampok ng iba't ibang mukha ng makasaysayang pangyayari o lugar ng Aurora na binigyang buhay ng mga nagsiganap. Ang mga lumahok mula sa bayan ng Casiguran ang nagkamit ng unang puwesto. Ang sipi na nasa ibaba ay mula orihinal na iskrip ng pagtatanghal:

¹²⁰Personal na Panayam kina Emma Torre, Gemma Geroche, Panny Alminiana. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

¹²¹ Chen Reyes Mencias et. al., op.cit., p. 83, sumipi sa Headland (1975) *The Dumagats Today and in 1936*.

¹²² Personal na Panayam kay Geraldine Salvid, Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

¹²³ Chen Reyes Mencias et. al., Training and Services, op. cit., p.83.

¹²⁴ Ika- 14 o 15 na siglo pa lamang ay pinaniniwalaang nakikipagkalakalan na ang mga Tagalog at Bikolanong Malay sa Casiguran ngunit dekada 80 naitala ang malawakang migrasyon ng mga Bikolano mula Hilagang Luzon.

¹²⁵ Tinatawag ding Cultural Show o Gabi ng Kultura na nagtatampok ng kasaysayan, kultura, paniniwala at tradisyon ng walong (8) bayan ng probinsiya ng Aurora/ <https://web.facebook.com/ANYO2018/>

“...na ang bayan ng Casiguran ay mula sa hilagang silangang bahagi ng bulubundukin ng Aurora, matatagpuan ang bayan na nakaukit ang kahulugan nito na kasiguruhan sa pamumuhay ng Maykapal. Ang bayang ito sa Aurora ay isa sa may napakagandang tanawin, masagana ang pamumuhay dito. Itinuturing ng mga tao na ito ay grasya mula sa itaas.

“Noong unang panahon, may isang manlililok ng estatwa mula sa pinutol na puno ng akasya. Mahusay ang manlililok na ito kaya nakagawa siya ng napakagandang imahe. Kahit na anong unos ang dumating sa bayan ay nakayanan dahil na rin sa patnubay ng nasa itaas. Nang mailuklok ito sa simbahan, naging napakaganda ng sikat ng araw, napansin ng mga tao na maraming kumikinang na butil ng ginto sa daan, kanilang inialay ito sa imahe upang ito ay maging palamuti at lukuban ng imahe. Natuwa ang mga tao at nagpasaya silang magdaos bilang pasasalamat sa birhen, nawika tuloy ng mga na naninirahan doon na ito ay imahe ng Kasiguruhan, ng mabuting pamumuhay.

“Nabalitaan ng mga tulisan at moro-moro na may mga ginto sa kanilang bayan, binalak nilang nakawin ang kayamanan sa simbahan. Napakaraming bangka sa laot at lulan nito ang mga tulisan sa baybayin. Tumakbo ang mga lalaki sa simbahan at pinaligiranan ang imahe. Nagpakita ang isang imahe sa mga tagarooon, umihip ang malakas na hangin, ang mga bangka ng tulisan ay nasira ng malalaking alon at pagkatapos isa-isa itong lumubog. Nang wala na ang bangka sa laot, ito ay umalis. Ang mga tao nagsiluhod sa santo at nagpasalamat sa mahal na birhen. Ang himalang ito ang nagpatibay sa kanilang paniniwala na ang birhen ay ang kasiguruhan sa kanilang kaligtasan.

“Simula noon, tinawag na Casiguran ang bayang ‘yon na hango sa salitang Kasiguruhan higit sa minana at kapaligiran, ang Maykapal ang siya ring humuhubog sa kapalaran ng tao. Ang mga pagsubok na pinagdaanan ng kanilang bayan ay nakaukit sa di malilimutang alaala at di mapapantayang pagsasamahan. Ang mga taus-pusong nagbahagi ng kanilang tulong ay naging daan sa unti-unting pagbangon at pagpapatuloy ng bagong karanasan

Sa mga pagtatanghal sa Gabi ng Kultura bilang bahagi ng Pagdiriwang ng Kapistahan ng Casiguran, binalikan ang mga pangyayari o kasaysayan mula sa panahon ng mga katutubo hanggang sa kontemporaryong panahon. Idineklara na ang kahulugan ng Casiguran ay “kasiguruhan” na nangangahulugang kaligtasan at katiyakan. Kaligtasan para sa mga manlalakbay laban sa sakuna dulot ng kalikasan. Katiyakan para sa mga mangingibig na dayuhan na hindi lamang sa lugar naakit gayundin sa mga dilag na tunay ngang kahali-halina na minabuting manatili at dito na habang buhay manirahan. Binanggit pa sa pagtatanghal, na ang wikang Kasiguranin ay nagmula sa pinagsama-samang diyalektong Ibanag, Itawis, Paranan, Ilokano, Gaddang at Dumagat.

Sa iba pang nakalap na literatura, ang Casiguran ay nagmula sa salitang “Casig,” pangalan ng isang magandang babae na nakatira sa Sitio Mangga ng bayang nabanggit. Si Casig ay ang nag-iisang anak na babae ng datu. Ang batang babae ay nagtataglay ng pambihirang ganda kung kaya’t maraming kabinataan mula sa kalapit na barangay ang pumupunta sakanilang tahaan upang hingin ang kaniyang kamay. Sinasabing kinagawian na ng mga tao noon na sa tuwing magkakasalubong ay magtatanungan kung saan pupunta at ang kalimitang isasagot ay “pupunta

ako kay Casig.” Kung kaya’t maaaring ang pangalan ng bayan ng Casiguran ay nagmula sa pangalan ng babae.

Sa iba pang tala sinasabi rin na ang Casiguran ay nagmula sa katutubong salita na “Casigurunan” na nangangahulugang “seguridad.” Dahil may mga daungang ligtas pagdaungan ng mga bangka at look na kublihan sa baybayin ng Casiguran sa panahon ng mga bagyo. Mula sa pinaikling Casigurunan nagmula ang salitang Casiguran.¹²⁶

Tawag ng Tagalabas sa Wika

Ang Casiguran ay dating bahagi ng Lalawigang Nueva Vizcaya. Sa pagpapalawig ng mga hangganan taong 1905-1908 ang Casiguran ay naging bahagi ng Lalawigang Quezon. Ilan sa mga namunong gobernador, ay sina Kgg. Manuel Quezon, Lucban, Abastillas, Filemon Perez, Maximo Rodriguez, Leon Guinto, Dr. Casiano Sandoval, Hilarion Yanza, Gregorio Santayana at Vicente Constantino. Iba pang opisyal na naglingkod sa bayan ay sina Fabian Millar, Jose Angara, Francisco Lavidez, Primitivo San Agustin at Rafael Villar. Ilan pa sa mga tanyag o kilalang mamamayan ng Casiguran ay sina Don Filemon Perez Sr., Manuel Quezon, Don Justo Lucban, Vicente Lucban, Mrs. Aurora Quezon, Gregorio Sena, Elias Desembrana, Fortunato Suarez, Dr. Casiano Sandoval at Jose Angara.¹²⁷

Nasasaad din na ang bayan ng Casiguran ay itinatag ng mga Misyonerong Kastila noong 13 Hunyo 1609. Ayon sa pag-aaral, ang mga Dumagat at Agta ang mga unang nanirahan sa lugar hanggang sa dumating ang mga migranteng nagsasalita ng iba’t ibang wika at diyalekto tulad ng

¹²⁶ Moral Maximo & Severiano Liwanag. “Historical Data Regarding Barrios, Towns, Cities, and Provinces”. National Library of the Philippines. 1952. <http://nlpdl.nlp.gov.ph:81/HD01/p39/cm9/md1/lgu.htm>.

¹²⁷ Torre, Jesus. “Municipality of Casiguran”. National Library of the Philippines. (w.p.). <http://nlpdl.nlp.gov.ph:81/HD01/p39/cm9/md1/lgu.htm>

Ilokano, Bisaya (Visayan), Bicolano (Bicolano), Pampango, Gaddang, Itawes at Ibanag at mula sa mga wika/diyalektong ito isinilang and “Kasiguranin”.¹²⁸

Ang mga Casiguran Agta bilang unang nanahanan sa lugar ay naninirahan sa mga paanan ng bundok ng Sierra Madre malapit sa bayan ng Casiguran, Lalawigang Aurora. Nadiskubre nilang napakayaman ng katutubong wika, ibang-iba ito sa Ingles at dayuhang wika (Kastila at Griyego) na kanilang pinag-aralan. Ang katutubong wika na Casiguran Agta/ Dumagat ay sinasabing isa sa mga wika sa Pilipinas na nanganganib na mawala ayon sa kanilang pag-aaral, sa kabila ng nakakapagsalita nito ang mga bata, pagdating nila ng edad na 12, nagiging matatas na rin silang magsalita ng Tagalog. Dahil dito, mabilis na nagkakaroon ng pagbabago sa kanilang pagsasalita. Dagdag pa rito, tinatayang may 600 katao ang nagsasalita o gumagamit nito noong 1989. Ang wika ay kilala din bilang Dumagat Agta, Casiguran Agta o Agta at maituturing na malapit sa wikang Paranan ng Isabela.¹²⁹

Sa kasalukuyan, tinatawag itong Kasiguranin, wikang nabuo mula sa sinaunang Agta na ginagamit ng mga migranteng piniling manirahan sa lugar. Ang diyalektong Casiguran ay nagmula sa mga Casiguran Dumagat, sa baybay–dagat ng Luzon, at ipinangkat sa Austronesian at Malayo-Polynesian. Ang Casiguran-Dumagat ay sinasalita sa San Ildefonso Peninsula sa baybaying dagat ng Casiguran Aurora.¹³⁰ Pinatutunayan ito ng panayam na nagdedeclarang ang kanilang kinagisnang wika ay mula sa katutubong Agta o Dumagat na kung saan nagkakaroon ng pagbabago dahil ang mga salitang ginagamit sa kasalukuyan sa mga tahanan ay Tagalog na. May mga salita ring ginagamit ng mga lokal na hango din sa Dumagat ng Palanan. Dagdag pa niya,

¹²⁸Mariah Murashige, *Brief History of Casiguran Aurora*. January 2012.
<https://sites.google.com/site/alaskakelpforest/home/briefhistoryofcasiguranauroraphilippines>

¹²⁹Headland, Thomas N., at Headland Janet D. “A Dumagat Casiguran English Dictionary.” *Research Gate*. 1974. <http://www.researchgate.net/publication/300114143>.

¹³⁰Jason W. Lobel, “Philippine and North Bornean Languages: Issues in Description Subgrouping, and Reconstruction” (Disertasyon sa Hawaii, 2013), p.88

karamihan sa mamamayan ng Casiguran ay mga migrante, Bisaya, Bikol, Ilokano at karamihan ay nagsasalita na ng Tagalog. Ang mga pinagsama-samang wikang ito ay tinatawag na *Kasiguranin* ng mga tagalabas, ito rin ay kilala ng mga mamamayan ng mga karatig na bayan na Kasiguranin ang katawagan.¹³¹

Paano natutuhan ang katutubong wika?

Naisasalin pa rin ang wikang Kasiguranin sa kanilang pamilya sa mga anak o sa kasunod na henerasyon subalit karamihan sa mga nagsasalita nito ay nakakapangasawa mula sa labas ng Casiguran na nagsasalita naman ng ibang mga wika. Ang pagkakalantad sa iba pang wika ay nagresulta sa pagsama-sama ng wika. Ngunit hindi maikakaila ang impluwensiyang Kasiguranin dahil hindi nawawala ang accent o puntong Kasiguranin¹³². Ang paggamit at pagtangkilik ng Kasiguranin ay nakasalalay sa mga magulang. Sa pagnanais na ito ay hindi makalimutan dahil sa paniniwalang ito ay ang kanilang pagkakakilanlan may mga magulang na sinasanay ang kanilang mga anak at maging ang kanilang apo gamit ang wikang Kasiguranin. Sa paraang ito, magiging bahagi padin ng pang-araw-araw na buhay at patuloy na gagamitin ng mga susunod na henerasyon.¹³³

Sa mga paaralan, hindi ginagamit ang Kasiguranin bilang midyum ng pagtuturo, kung ang asignatura ay may kaugnayan sa Ingles, Ingles din ang midyum at kung may kaugnayan naman sa Filipino katulad ng Araling Panlipunan, Edukasyong Pagpapakatao o Makabayan, Filipino o Tagalog ang midyum sa pagtuturo. Tanging sa unang baitang sa Asignaturang *Mother Tongue* ginagamit ang wikang Kasiguranin sa larang ng pagsasalin, mula sa larawan, tinukoy ang

¹³¹Personal na Panayam kay Eleamor Barrera. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

¹³²Personal na Panayam kay Gemma Geroche. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

¹³³Personal na Panayam kay Emma Torre. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

katawagan at tunog ng mga hayop na makikita sa kanilang paligid. May inisyatiba ang guro na tumbasan ng salin sa Kasiguranin, halimbawa ay palaka, sa Kasiguranin ay **tukak**.¹³⁴

Bagama't hindi ginagamit ang wika maging sa elementarya at sekundarya, may mga inisyatiba pa rin ang mga guro upang maisama ang wika bilang bahagi ng pag-aaral at paraan ng pagpapaunlad at pagpapalago. Samantala, sa Tinib-Calanguasan Integrated School, si Jesbeel R. Pimentel, isang guro sa Elementarya ang nagsulat ng mga Pamperepet ng Dila (*tongue twisters*) na nasa wikang Casiguranin. Ito ay ginagamit niya bilang motibasyon sa panimulang gawain sa klase ng una hanggang ikatlong baitang. Bahagi rin ito ng kanyang lokal na kontekstuwalisasyon, ang gamitin ang wikang kinagisnan upang hindi makalimutan. Layunin nitong higit na maintindihan at malalim na makilala ng mga mag-aaral ang wikang Kasiguranin na wikang kanilang kinamulatan. Ang mga pampilipit ng dila (*tongue twisters*) na nasa Filipino ay sarili niyang likha, siya rin ang orihinal na nagsalin ng mga ito sa Wikang Kasiguranin. Mula sa obserbasyon sa klase, natukoy na ang mga mag-aaral ay aktibo sa pagsabay, pag-awit at pagsayaw dahil ang liriko ng mga kantang pang-anak ay nasa Wikang Casiguranin.¹³⁵

Mga Varayti ng Wika

Gamit ang modified na wordlist ni J. Peralta, kinalap at itinala sa bahaging ito ang tamang baybay at bigkas ng mga salitang Kasiguranin. Ikinumpara ang mga salita sa pamamagitan ng mga ibinigay na salin (kasagutan) ng mga informant. Ang *video* at *voice recorder* ang nagsilbing instrumento upang matukoy ang mga salitang may tunog na *schwa* na gagamitan ng /ë/ simbolo. Narito ang talahanayan ng salin ng mga salita sa Kasiguranin.

¹³⁴Pakitang-turo ni Jovelita Tan, Guro sa Baitang 1 at asignaturang Mother Tongue ng Casiguran Central School, sa tulong ni Nerissa, Koordineytor sa Filipino

¹³⁵Pakitang-turo ni Panny Alminiana, Guro ng Tinib- Calanguasan Integrated School

Ang mga informant ay binubuo ng mga sumusunod: *Geraldine G. Salvid*¹³⁶, *Eloisa A. Bernardo*¹³⁷, *Ria L. Esteves*¹³⁸, *Emma P. Torre*¹³⁹, *Sandra Benitez*¹⁴⁰, *Rei Ann M. Romano*¹⁴¹, *Elmira D. Torre*¹⁴².

Talahanayan 7. Listahan ng mga Salita¹⁴³

	English	Filipino	1	2	3	4	5	6	7
1.	One	Isa	*esa	*esa	*esa	*esa	es'sa	*esâ	*esa
2.	Two	Dalawá	*duwa	*duwa	Eduwa	*duwa	du'wa	*duwâ	*duwa
3.	Three	Tatló	*ta'lo	*ta'lo	Etelo	*ta'lo	*ta'lo	*taló	*tallo
4.	Four	Ápat	*appat	*appat	epat	*appat	up'pat	*apat	*appat
5.	Five	Lima	*lima	*lima	*lima	*lima	*lima	*limâ	*lima

¹³⁶ Guro ng Araling Panlipunan sa Lual National High School na may 47 taon ng naninirahan sa Casiguran na nakapangasawa ng taga-Nueva Vizcaya, sila ay may tatlong anak.

¹³⁷ Guro ng Lual National HS, unang wika ay Kasiguranin dahil ang kanyang ina ay taal na taga-Casiguran samantalang ang kanyang ama naman ay mula Infanta, Quezon. Siya ay may 36 na taon ng naninirahan sa lugar, may tatlo ring anak at 8 taon ng kasal.

¹³⁸ Pangulo ng SIKAP-KA (Sulong Ipagtanggol Karapatan Katutubo). Siya ay may adbokasiyang nagsusulong ng karapatan at pagkakaisa ng mga katutubong Agta (CNN, Philippines, 2018) Lider kababaihan sa komunidad ng Agta sa Cozo, Casiguran na aktibo sa mga gawaing pansimbahan. Siya ay isang iskolar ng simbahan na kumukuha ng kursong BSBA sa Mount Carmel College, Baler Aurora.

¹³⁹ Guro ng Casiguran Central School, tubong Casiguran, ang kaniyang mga magulang ay dito ipinanganak at nasa 56 na taon ng naninirahan sa lugar.

¹⁴⁰ Guro ng Dibacong Elementary School Dibacong, Casiguran Aurora, siya ay nagsasalita ng Kasiguranin at Agta na may 35 taon ng naninirahan sa nasabing lugar. Bahagi ng kaniyang adbokasiya at pagbabad ay may kinalaman sa pagtulong sa mga katutubong Agta ng Kasiguran. Kasalukuyang gumagawa ng dalawang pananaliksik hinggil sa Ortograpiyang Agta na pinondohanng Department of Education at sa Pambansang Kalinangan ng mga Agta sa Kasiguran, Aurora

¹⁴¹ Guro sa C.J. Torre Elementary School, tubong Casiguran na may 29 taon ng naninirahan sa bayan.

¹⁴² Mag-aaral sa kursong Edukasyon, siya ay 20 taong gulang na tubong Kasiguranin, dito na siya lumaki at nakagisan niyang gamitin o salitain ang Wikang Kasiguranin.

¹⁴³ Ang wordlist ay binubuo ng iba't-ibang informant sa iba't ibang antas o pangkat katulad ng kinatawan ng komunidad ng Agta upang matukoy kung may mga saling salitang Kasiguranin na kapareho sa salita ng mga Agta. Gayundin, nagsimula ang tagal ng paninirahan ng mga piniling informant sa 50 pataas bilang pinakamatagal na nanirahan sa lugar at 20 naman ang pinakamababa upang matukoy ang konsistensi ng naisasalin na wika sa mga kasunod na henerasyon. Dito matutukoy kung nagkaroon ng varayti ang wika ayon sa tugon ng mga key informants. Karamihan din ay mga indibidwal na may inisyatiba sa pangangalaga at pagpapaunlad ng wika. Tingnan ang apendiks para sa kabuoan ng tala.

Gumamit ng simbolong * bago ang katumbas na salita nangangahulugang ito ay salitang salin o katumbas ng salitang nasa English at Filipino. Tumutukoy ito sa tugon ng bawat informant ayon sa kanilang gamit. Mapapansing magkakaiba ang baybay dahil sa magkakaibang paraan ng pagkakasulat, ang ibang informant ay naglalagay ng kuwit (‘) pagkatapos ng katinig o kaya’y sa unang pantig ng salita, nangangahulugan na ang pantig na ito ay may tunog na *schwa*, halimbawa, **de’ppog** (kalabaw); **a’nnim** (anim); **ale’k** (alak). Samantalang ang iba ay ginagamit lamang ang kuwit (‘) bilang pantukoy sa pantig na may tunog na *schwa*, nawawala ang patinig at kudlit ang ipinapalit, halimbawa, **lup’s** (ipa), **buk’l** (buto) at **at’p** (bubong).

Kapansin-pansin na ang karamihan sa katumbas na inilahad ng pangunahing *informant* bilang 3 ay kakaiba sa anim na nakapanayam, ang /a/ ay nagiging /e/ at ang /o/ ay nagiging /u/. Matatandaang ang oryentasyon ng *informant* ay Agta Kasiguran at hindi Kasiguranin. Ginamit ito upang matukoy ang pinagmulan ng salita kung hiram, salin o adaptasyon lámang mula sa orihinal.

Sa pangkalahatan walang varayti ang Wikang Kasiguranin. Ang pagbabago sa ispeling, bigkas at baybay ay dahil sa kawalan estandardisadong paraan ng pagsulat ng wika. Ito ay binibigkas ayon sa sariling oryentasyon ng nagsasalita kasama na ang impluwensiya ng ibang wika na matatagpuan sa lugar. Bukod sa migrasyon ng iba’t-ibang pangkat etniko na may sariling paraan ng pagbigkas ng kanilang wika ay lantad din ang Kasiguranin sa wikang Ilokano sa Dinalungan, Quirino, Isabela at Dilasag at Paranan naman mula sa Palanan, Isabela. Kung susuriin, nagkaroon ng bagong ispeling ang salita ngunit hindi nagbabago ang kahulugan. Salik dito ang pagkakaiba-iba ng kultural at etnikong pinagmulan ng nagsasalita at pagkakalantad sa iba pang wika na ginagamit maliban pa sa wikang sinasalita ng komunidad. Sitwasyon ito ng mga migranteng Bisaya, Bikol, Tagalog, Waray at iba pa na masasabing hindi *stable* (nagpapalit-

palit ang paggamit at pagbigkas) ng mga katinig na /e/ sa /i/ /o/ at /u/ depende sa oryentasyon at kultural na pangkat na pinagmulan.

Karamihan sa mga salitang Kasiguranin ay may tunog na *schwa* katulad ng iba pang katutubong wika ng Pilipinas gaya ng Mëranaw, Pangasinan, Ilokano, at mga wika sa Cordillera. Inilalarawan ng tuldik patuldok na kahawig ng *umlaut* at *dieresis*¹⁴⁴.

Dahil walang pamantayan ang pagsulat ng Wikang Kasiguranin kaya't, nag iiba-iba din ang mga iskolar, historian at mga guro na nagsasaliksik, nagsusulat at nagsasalin sa gamit ang wika. May mga ilan na partikular sa paggamit ng kuwit (‘) nakung saan ang pagbigkas ay ang tunog ng titik at hindi kasama ang tunog ng /a/, halimbawa /t'llo at iba pa. Ngunit sa balidasyon na isinagawa, napagkasunduan ng mga kalahok at iniayon narin sa KWF Manwal sa masinop na pagsulat na ang gagamitin para sa *schwa* ay ang simbolong *ë*.

Karamihan sa mga salitang naitala sa wordlist ay mga salita ring ginagamit ng mga Agta Kasiguranin¹⁴⁵. Mula sa 387 na salitang naitala, napatunayan na 152 (39%) ang katulad nito sa Agta at 61% naman ng wordlist ang walang katulad sa Wikang Agta. Nangangahulugan lamang na malaki din ang impluwensiya ng Wikang Agta sa Wikang Kasiguranin. Ito ay dahil sa *proximity* at *exposure* sa orihinal na wika ng mga katutubong Agta na natutuhan ng mga migranteng pangkat sa pakikihalubilo sa mga Agta sa lugar.

Sa mga katulad na salita, nagkaroon lamang ng pagkakaiba sa bantas ngunit pareho ng baybay. Halimbawa ang manok ay manok din ang tawag sa kanila, ang siko ay siko rin at iba pa. Mayroon ding mga salita na nagkaroon lang ng pagbabago sa baybay, napapalitan ng patinig na u ang o katulad ng pito: pitu, baboy: babuy; tuyu: tuyu, mabilis ang pagbigkas sa dulong pantig.

¹⁴⁴Virgilio S. Almario. op. cit. p.6

¹⁴⁵Agta Dictionary, Thomas. & Janet Headland and Alan Healey na naipasama sa journal na Pacific Linguistics (1974). Natagpuan sa pangangalaga ni Gng. Lorna Maaliw, SB Secretary ng Casiguran. Nakuha ang datos sa pamamagitan ng pagkukumpara ng mga nakalap na salita ayon sa wordlist at mga tala ng salita sa diksiyunaryo.

Ang wika ay naimpluwensiyahan ng mga unang nanirahan sa lugar at ng ibang diyalekto, tulad ng Ilokano at Bikol.

... *“ang pinag-ugatan ng wikang Kasiguranin ay Agta, nagkaroon lang ng punto o kakaibang tunog dahil sa kalapit na bayan nito katulad ng Palanan, Isabela na Ilokano ang dominante.” Halimbawa ng mga salitang kapareho sa Ilokano ay danom (inumín), bukel (buto) at magsanget (umiyak), ang ilang salita ring ay binibigkas ng mabilis.*¹⁴⁶

May mga ilang inisyatiba rin mula sa mga lokal na saliksik na nagtipon at nagsalin ng mga salitang Kasiguranin na ginamit nila ang diksiyunaryong ito bilang instrumento sa pagtuturo at pagpapalaganap ng wikang Kasiguranin sa kanilang mga mag-aaral¹⁴⁷. Isa pang talasalitaan¹⁴⁸ ukol sa mga salitang Kasiguranin ang nailathala sa Heritage Mapping Report.

Sosyolingguwistika

Bilang bahagi ng pagpapayaman ng wika, may mga awiting bayan, palaisipan at bugtong na popular na ginagamit noong panahon ng mg Kastila.¹⁴⁹ Ngunit kapansin-pansin na hindi ito naisulat o naisalin sa sariling wikalilan lamang ang nakasulat sa Wikang Kasiguranin at karamihan ay nasa Wikang Tagalog.

Awit

*Ay si Neneng na matulog,
Panggulay ko ng mustasa,
May sankia't may kanela,
May bawang at pamienta.*

¹⁴⁶ Personal na panayam kay Sandra Benitez (Hunyo 2018)

¹⁴⁷ Gemma E. Geroche, Fely A. Duaso at Ninosa C. Liwanag, *Casiguran Dictionary Translated in English- Filipino* (2014).

¹⁴⁸ Mencias, Chen Reyes et. al., Heritage Mapping Report (2017) p. 83, sumipi sa Romel Tribiana, *Casiguran Words and their meanings* (w.p).

¹⁴⁹ Maximo Moral at Severiano Liwanag, op. cit.

Ilan din sa mga palaisipan at bugtong na naging libangan ng mga taga-Casiguran ay ang mga sumusunod:

Palaisipan

1. *Anong hayop ang hindi tumatae? Manok (Umiipot at hindi tumatae)*
2. *Nagkatagpo si Prinsipe A at Prinsipe B. Bunot ang espada ni Prinsipe A. Si Prinsipe B ay walang espada, ano ang kanyang ginawa? - Sinunog ang bunot.*
3. *Isang napakagandang prinsesa ang nakatira sa isang palaciong napapaligiran ng mga kapitan. Papaano nakapasok ang isang principe? - Nangapit siya at umaklat*

Bugtong

1. *Ad'deg tama ko pinatengkaran ko. -Bubong ng bahay*
2. *Magandang dalaga, hila-hila ang bituka. - Karayom at sinulid*
3. *May isang kulasising marikit, nakatuntong sa tubig. Tubig ang tinutuntungan, uhaw ang dinaramdam. - Gasera*
4. *Isda ko sa kabilang dagat, kung hilisi'y namamalakat. - Biyolin*
5. *Baboy ko sa pulo, balahibo'y pako. - Langka*
6. *Tres botones, quarto ohales. - crucifix*
7. *Hinalo ko ang linugaw, tumakbo ang inihaw. -banka*

May pagkakaiba-iba ang anyo ng wika batay sa edad, seks, istatus sa buhay, trabaho at iba pa. Mas malalim at malawak ang bokabularyo ng populasyong nasa 50 ang edad pataas, samantalang kapag mas batang populasyon, mas kakaunti at limitado ang mga bokabularyo at

kaalaman sa sariling wika¹⁵⁰. May pagkakapareho ang ilan sa mga salita ng Kasiguranin sa katutubong salita ng mga Agta. Ngunit sa kasalukuyan nagkakaroon na ng pagbabago-bago dahil marami ng mga dayuhan o migranteng naninirahan o lumipat sa Casiguran katulad ng mga Bisaya, Bikol, Ilokano at Tagalog kung saan karamihan sa mga bata ay Tagalog na ang kinamumulang gamiting salita sa kanilang mga tahanan at ang mga taal na taga-Casiguran na lang ang nagsasalita ng Kasiguranin.¹⁵¹

Ang Kasiguranin ay pinaghalo-halong Bikol, Ilokano, Tagalog at Bisaya dahil sa mga dayuhang napadpad sa kanilang lugar na nakapangasawa ng taal na Kasiguranin. Dahil dito, nababawasan ang porsiyento ng katatasan ng mga bata o anak sa wikang ito. Lalo at kailangang isalin sa wikang naiintindihan ng asawa na kalimitan ay Tagalog upang magkaunawaan.¹⁵²

Makikita sa mapa, ang bayan ng Casiguran. Mapapansin na ang mga Barangay Cozo at San Ildefonso ay nasa dulong bahagi at pinaghihiwalay ng Casiguran Bay at Casiguran Sound. Salik ang heograpiya sa pag iiba-iba ng paraan sa pagbigkas at pagsulat ng wika lalo at nagkaroon ng konsentrasyon sa ilang lugar ang migranteng mula sa ibang mga pangkat kultural tulad ng Tagalog, Bisaya, Bikol at exposure sa malaking konsentrasyon ng katutubo sa lugar na pinananahanan.

Wikang Ginagamit sa Bawat Dominyo

Lubhang mahalaga na matalakay ang kalagayan ng paggamit ng wika sa iba't ibang dominyo at aspekto ng pamumuhay ng komunidad. Mahalagang malaman din at masukat ang mga ito upang matukoy ang sigla ng paggamit ng Wikang Kasiguranin.

¹⁵⁰ Personal na panayam kay Dalia M. Ong at Michelle L. Belen, Casiguran, Aurora (Hunyo 2018)

¹⁵¹ Personal na Panayam kay Eleamor C. Barrera. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018). Si Eleamor Barrera ay dating Suoerbisor sa Department of Education (dating DECS) sa Casiguran at naging collaborator ni Thomas Headland sa kaniyang proyektong Agta Dictionary.

¹⁵² Personal na Panayam kay Panny Alminiana. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018).

1. Edukasyon.

May mga mag-aaral na nabibilang sa pangkat ng mga Dumagat/Agta kung saan sa tuwing nag-uusap o nagkukuwentuhan, nagsasalita sila sa kanilang wikang katutubo. Sa kabila nito natutunan din ng mga mag-aaral ang Wikang Kasiguranin at iba pa mula sa pakikihalubilo sa kanilang mga kamag-aaral na Wikang Kasiguranin ang oryentasyon at ginagamit sa talastasan.¹⁵³ Kasama din dito ang ang pagsasalita ng Tagalog na ginagamit ng lahat at gamit bilang midyum ng instruksiyon. Masasabing multilingual ang gamit sa mga paaralan sapagkat gumagamit sila [mag-aaral] ng apat o higit pang wika araw-araw: Gumagamit sila ng sinusong wika [Agta] sa kapwa mag-aaral na nabibilang sa sariling pangkat, Wikang Kasiguranin naman sa kamag-aaral na Kasiguranin, Tagalog para sa mga asignaturang gumagamit ng Tagalog at pakikipag-usap sa mga mag-aaral na Tagalog at Ingles sa mga asignaturang Ingles ang midyum ng instruksiyon. Bagama't may kahirapan sa paggamit at pag-unawa, nalalantad parin sila sa iba't-ibang wika sa araw-araw.

Natukoy din na wala pang nabuong sanggunian o modyul na may kaugnayan sa paggamit ng Wikang Kasiguranin na maaaring gamitin ng mga mag-aaral at guro sa antas ng pagtuturo ng *Mother Tongue*. Pagsasalin at integrasyon sa mga aralin ang ginagamit na pamamaraan upang maituro, mapalago at magamit ang wikang Kasiguranin.¹⁵⁴

Kahanga-hanga ang inisyatiba at pagtutulungan ng mga guro katuwang ang adiministrasyon ng Tinib-Calangcuasan Integrated School sa paggawa ng mga paraan upang maituro, mapalago at magamit ng kanilang mga mag-aaral ang kanilang wika. Patunay dito ang

¹⁵³ Personal na panayam kay Panny Almiana, (Hunyo 2018)

¹⁵⁴ Pakitang turo ni Jovelita Tan at Panny Almiana, Hunyo 2018

Pampirepet ng Dila¹⁵⁵ at Kantang Pang-anak¹⁵⁶ na ginagamit sapagtuturo sa pamamagitan ng integrasyon sa mga aralin lalona sa Asignaturang Mother Tongue.

Transaksiyon ng pamahalaan.

ISSUANCE OF MAYOR'S CLEARANCE

Who may avail of the service:
Residents of Casiguran, Aurora for the purpose of employment
Residents of Casiguran, Aurora for the purpose of entering Military or Police service

What are the requirements:
1. Police Clearance (PNP Station)
2. Official Receipt for Mayor's Clearance

Duration: 11 minutes
How to avail of the Service:

STEP	APPLICANT / CLIENT	SERVICE PROVIDER	PROCESSING TIME	PERSON IN CHARGE	FEES	FORM
1	Request Mayor's Clearance and submit required documents	Receive, review, prepare and sign Mayor's Clearance	10 minutes	Clerk III / LCE	100.00	NONE
	Claim Mayor's Clearance	Release Mayor's Clearance	1 minute	Clerk III		

END OF TRANSACTION

Who may avail of service? Business, Student, Researcher, Barangay Officials
What are the requirements? *Letter Request
Duration: 15 minutes
How to avail this service?

STEPS	APPLICANT / CLIENT	SERVICE PROVIDER	DURATION OF ACTIVITY (Under normal Circumstance)	PERSON IN CHARGE
1	Submit Request	Review & Verify Request	5 minutes	Gemma T. Balbuena Statistician Aide
		Check the availability of requested documents approval of request	10 minutes	
2	Payment of fees at MTO	Reproduction of the requested documents (advise client to pay fee at MTO)	15 minutes	Cecilio V. Angara MPDC
3	Present OR & receive requested documents	Released requested documents	5 minutes	

Larawan 37. Mapapansin na nakasulat sa wikang Ingles ang mga nakapaskil na paalala para sa publiko.

Tagalog ang pinakagamitin sa pakikipag-usap lalo na kung ang nagtatanong o nakikipag-transak ay isang taong hindi taga-Casiguran. Para sa kanila, mas mabilis na matapos ang

¹⁵⁵ Jesbeel Pimentel, Pampirepet ng Dila (January 2018)

¹⁵⁶ Salin nina Alminiana, Pimentel at Galvelo (Enero 2018)

anumang uri ng transaksyon dahil sila ay nagkakaunawaan. Ngunit mauulinigan din na nagsasalita sila ng Kasiguranin kapag ang kausap nila ay ang kanilang mga kasamahan sa trabaho. Mula sa mga nakalap na mga larawan ng mga pabatid publiko at *public signages*, bibihira na nakasulat ang mga ito sa Kasiguranin. Ingles at Tagalog ang ginagamit sa lahat ng transaksyon. Ngunit kapansin-pansin na kahit Ingles o Tagalog ang ginagamit na wika, nananatili ang baybay at bigkas na pahinto at mariin, isang katangian ng wikang Kasiguranin. Hindi din mababatid o ginagamit ang Kasiguranin sa mga programa at pagdiriwang ng lokal na pamahalaan. Noong 13 Hunyo ay kapistahan ng Patron na si San Antonio de Padua, na kung saan maraming mga programa at gawain ang isinagawa ngunit walang pagtutuon sa programa para sa wika. Kapansin-pansin ang pagtatampok at pagkilala sa ambag ng mga katutubo sa pambansang kalinangan. Kinikilala din ang pananampalataya bilang katuwang nga bayan at gabay ng mga mamamayan upang maging masagana at mapayapa ang buhay ng mga Kasiguranin.



Larawan 38. Pabatid para sa gaganaping Bb. Casiguran 2018, bilang bahagi ng Pagdiriwang ng Kapistahan ng Bayan ng Casiguran

2. Pormularyo

Sa iba't ibang pormularyo na nakapaskil sa pabatid-publiko ng bayan, makikitang lahat ay nakasulat sa Wikang Ingles. Samantalang, ginagamit din nila ang Tagalog sa mga pabatid at patalastas upang mas maunawaan ng kanilang mga kababayan.

3. Negosyo

Magiliw ng mga Kasiguranin lalo na pagdating sa negosyo. Sa palengke kung saan mabibili ang iba't ibang uri ng yamang-dagat, sa mga karinderya at establisyimento, ang mga tindera/o o may-ari ay madaling kausapin at pagtanungan. Tagalog ang kanilang sinasalita sa pakikipag-usap at pagtugon sa tanong ng kanilang mamimili. Gayunpaman, batay sa panayam, ang pagsasalita ng Kasiguranin ay ginagamit nila sa pakikipag-usap sa kanilang mga kababayan. Halimbawa, kung ang isang lokal ay nagtanong o bumili gamit ang wikang Kasiguranin, ganito rin ang tugon nila. Ibabagay ang tugon sa antas ng kaalaman sa wika dahil bihasa din sila sa Tagalog, naibabagay upang ganap na magkaunawaan.

4. Relihiyon.

Ilan sa mahahalagang dokumento at tala ay nawala o nasira dahil sa mga kalamidad na naranasan sa lugar.

Isa sa pinagmamalaki ng bayang Casiguran ay ang pagkakasundo ng simbahan at lokal pamahalaan. Nagtutuwang sa pagdiriwang ng kapistahan ng Patron na si Antonio de Padua at ang pagdiriwang ng Kapistahan ng pagkakatatag ng bayan. Ang iba't ibang samahan ng mga mangingisda, magsasaka gayundin ang mga samahan ng mga kababaihan ay aktibong nakilalahok sa mga programa ng simbahan at pamahalaan.

Tagalog din ang wikang gamit sa pagdiriwang ng banal na misa. Walang salin ng awit, panalangin o maging ang daloy ng pagdiriwang. May mangilan-ngilan na salitang Kasiguranin ang nababanggit ngunit ang kabuoan ay Tagalog sa pangkalahatan. Bago matapos ang misa, isang awit sa patron ang kanilang inawit bilang parangal sa kanilang patron at ito rin ay nakasulat sa Tagalog. Walang alinmang salin ng bahagi ng misa o mga dasal na binabanggit. Hindi din kakitaan ng mga pabatid na nakasulat sa Kasiguranin. Kahit ang programa para sa pagdiriwang ng kapistahan at pagkakatatag ng bayan ay nakasulat din sa Tagalog at Ingles.



Larawan 39. Tagalog din ang Wikang ginagamit sa misa upang mas maintindihan ng nakararami.

5. Pamilya.

Migrasyon ang naging malaking salik kung bakit nagkaroon ng paghahalo-halo ng mga salita, may Bisaya, Ilokano, Bikol at iba pa na sumasabay sa wikang Kasiguranin. Kung kaya't ang pagsasalita ng mga bata ay halo-halo na rin, ngunit kung pagbabasehan ang talahanayan ng panayam (*Appendix*), Tagalog ang pinakadominante. Kaya naman, ang mga gurong

nakapanayam ay nagsabing katuwang sila sa preserbasyon ng wikang Kasiguranin dahil sa kani-kanilang mga anak at apo, ang Kasiguranin ang una nilang sinusubo¹⁵⁷. Dahil naniniwala sila na kailangang mailipat ito sa susunod nilang henerasyon dahil kung hindi, ito ay maaaring maglaho o mamatay.

Upang masukat at matukoy ang sigla ng paggamit ng wika, ang Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale in Fishman (1991) ay gagamiting sanggunian. Isa itong multi-dimensyunal na panukat na nakapokus sa iba't ibang aspeto ng lakas, sigla at lebel ng paggamit ng wika.

Kalalagayan ng Wikang Kasiguranin

Ang wikang Kasiguranin ay nasa categoryang *DEVELOPING*

... “the language is in vigorous use, with literature in a standardized form being used by some though this is not yet widespread or sustainable.”¹⁵⁸

Talahanayan 8. Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale¹⁵⁹

Level	Label	Description
0	International	The language is widely used between nations in trade, knowledge exchange, and international policy.
1	National	The language is used in education, work, mass media, and government at the national level.
2	Provincial	The language is used in education, work, mass media, and government within major administrative subdivisions of a nation.
3	Wider Communication	The language is used in work and mass media without official status to transcend language differences across a region.

¹⁵⁷ Balidasyon, (Disyembre 2018)

¹⁵⁸ David M. Eberhard et. al., *Ethnologue: Languages of the World*, 22nd edition. Texas: SIL International. 2019.

¹⁵⁹ David M. Eberhard et. al., *Ibid.*

Level	Label	Description
4	Educational	The language is in vigorous use, with standardization and literature being sustained through a widespread system of institutionally supported education.
5	Developing	The language is in vigorous use, with literature in a standardized form being used by some though this is not yet widespread or sustainable.
6a	Vigorous	The language is used for face-to-face communication by all generations and the situation is sustainable.
6b	Threatened	The language is used for face-to-face communication within all generations, but it is losing users.
7	Shifting	The child-bearing generation can use the language among themselves, but it is not being transmitted to children.
8a	Moribund	The only remaining active users of the language are members of the grandparent generation and older.
8b	Nearly Extinct	The only remaining users of the language are members of the grandparent generation or older who have little opportunity to use the language.
9	Dormant	The language serves as a reminder of heritage identity for an ethnic community, but no one has more than symbolic proficiency.
10	Extinct	The language is no longer used and no one retains a sense of ethnic identity associated with the language.

Matatayang, masigla at patuloy na yumayabong dahil sa mga lokal na inisyatiba na naglalayong mapreserba, mapalaganap at magamit ang wika sa iba't-ibang dominyo ng buhay lalo sa mga paaralan. Patunay ang mga saliksik, pag-aaral, diskiyponaryo, pagsasalin at iba pang inisyatiba para dito. Ngunit sa kabila nito, masasabi pa ring hindi gaanong ekstensibo dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang wikang nag-uusbungan sa lugar dala ng migrasyon. Ang mga naisagawang pag-aaral ng mga Filipinong mananaliksik at mga dayuhan ay nakapag-ambag ng mga sanggunian at mga babasahin na maaaring gamitin at pagsimulan ng sinumang may pagkiling sa wika. Ang *Heritage Mapping* ay isang malaking ambag ng lokal na pamahalaan, ang

pag-aaral ni Thomas Headland at asawa, ang Diksiyunaryo ni Geroche, mga salin na awiting pambata nina Pimentel, Alminiana at Galvelo at ang *tongue twister* (Pamperepet ng dila) ni Pimentel, ang *Agta Grammar* at maraming pang hindi nakatala at nabanggit na mga pag-aaral. Ito ay mga inisyatiba na makakapagpayaman sa mga sanggunian at mga batayang aklat upang ang wikang Kasiguranin ay maging ganap na wika sa paaralan, sa pamahalaan at sa marami pang dominyo ng buhay.

Rekomendasyon

Iminumungkahi ng mga mananaliksik na magkaroon ng masusing palihan o pagsasanay sa Ortograpiya hinggil sa wika, magkaroon ng silid-aklatan, gallery ng archive o museo upang maipreserba ang tala at dokumentong pangkasaysayan, pangwika, pangpantikan at pangkultura ng Kasiguran. Hinihikayat din na isama sa mga programa at pagdiriwang ang pagtatampok sa wika bilang mahalagang bahagi ng mga pagdiriwang, mga dagdag na mga gawain o aktibidades lalo na sa pagdiriwang ng pagkakatatag (kapistahan) ng bayan at patron na lilinang at maglilipat ng mga kaalaman tungkol sa wika sa mga kabataan o bagong henerasyon. Higit sa lahat ay ang paglalaan ng tulong pinansiyal sa mga iskolar, mananaliksik at mga alagad ng sining upang sumigla ang mga inisyatiba at pagpupursige upang makabuo ng sapat na mga sanggunian upang maituro, maunawaan, mapalago at magamit ang wika sa lahat ng dominyo ng buhay ng isang Kasiguranin.

V. SIKLO NG BUHAY¹⁶⁰

Ang mga Kasiguranin ay may mga sinusunod na kultura, tradisyon at paniniwala bilang bahagi ng kanilang pamumuhay. Ito ay bahagi ng kanilang tradisyon na nabuo bunsod ng migrasyon mula sa iba't ibang lugar at naimpluwesiyahan ng iba't ibang kultura.

Panganganak at Pagbibinyag

Maingat ang mga Kasiguranin sa tuwing ang isang babae ay nagdadalang tao. Malaking bagay para sa kanila ang pagkakaroon ng anak at itinuturing nila itong malaking biyaya na ipinagkaloob sa kanila ng Diyos kaya naman labis ang kanilang pag-iingat kapag nalaman nilang sila'y nagdadalang tao hanggang sa sila ay manganak. Madalas na inaako muna ng lalaki ang karamihan sa mga gawaing bahay upang ganap na makapagpahinga at maging handa ang babae para sa panganganak.

Kapag ang ina ay nahihirapan sa panganganak, ipinapahawak sa kaniya ang mga bagay na gusto niya at ito'y kaniyang ipinapahid sa kaniyang tiyan at puso. Pinapaniwalaang ito ay magpapadali at mapapabilis ang paglabas ng bata.

Kapag dadalawin ang ina sa kanilang tahanan, ang mga bisita ay kailangang pumasok ng sabay sabay. Kailangan ding iwasan ang pagtambay sa pinto ng bahay. Pagkapasok ay kailangan nilang ibaba at itaas ang hagdanan ng tahanan ng ilang beses.

Matapos ang panganganak, kadalasan ito'y binibinyagan habang ito ay nasa murang edad pa lamang. Ito ay isinasagawa bilang tanda ng pagiging anak ng Diyos at pagyakap sa relihiyong

¹⁶⁰ Maximo Moral at Severiano Liwanag. Loc cit. (w.p.)

kaniyang kinabibilangan. Madalas itong isinasagawa sa pamamagitan isang seremonya na isinasagawa ng pari.¹⁶¹

Kung ang bata ay nasa bingit ng kapahamakan o kamatayan, kinakailangang siya ay agarang mabinyagan ng kahit sino man maliban sa kaniyang mga magulang. Maaari itong isagawa kahit wala ang pari upang agarang mailigtas sa kapahamakan ang bata.

Pagbibinata at Panliligaw

Ang pagbibinata ay kadalasang nagsisimula sa edad na 13. Ito ay ang bahagi ng kanilang buhay na kung saan kapansin pansin ang pagbabago sa kanilang katawan. Ngunit bukod sa pagbabagong pisikal, kaakibat nito ang pagbabago rin sa kanilang pag-uugali sapagkat sila ay ay magkakaroon na ng mas malaking responsibilidad bilang mga kuya at ate sa kanilang pamayanan.

Sa panliligaw, kaugalian na bago manligaw sa napupusuang babae kinakailangang humingi muna ng permiso sa magulang ng babae bago simulan ang panliligaw. Kinakailangan din na magsilbi ang lalaki sa tahanan ng babae tulad ng pagsisibak ng kahoy, pag-iigib ng tubig, pagtulong sa gawaing pangingisda, pagtatanim at iba pang mga gawaing bahay. Kapag ang magkasintahan ay nagpasya nang magpakasal, ang pamilya ng lalaki ay pupunta sa tahanan ng babae upang mamahikan at hihingin ang basbas ng pamilya ng babae. Sa okasyong ito rin pag-uusapan ang pagpapalano sa kanilang pag-iisang dibdib. Ito ay isinasagawa upang maipakita ang respeto ng lalaki sa pamilya ng kaniyang magiging kaniyak.

¹⁶¹ Ang seremonya ng pagbibinyag ay tumutukoy sa sakramento ng binyag ng mga Katoliko lalo at wala pang tala ng ibang pananampalataya na naipakilala sa Casiguran noong 1952 kung kailan naisulat ang ang ulat na ito.

Pagpapakasal

Matapos mapag-usapan ang tungkol sa kasal, ang mga magulang ng lalake ay maghahanda ng mga pagkain sa araw na itinakda para sa mga naimbitahang mga bisita. Ang kasal ay kalimitang isinasagawa ng pari o ng *Justice of the Peace*. Kapag naianunsyo na ang oras ng kainan, pinipili ng magulang ng babae ang unang hahatiran ng pagkain at madalas sa mga pinakamalalapit na kamag-anak ng babae. Kasunod ng kainan ay ang pagsasayaw ng “**Fandango**” habang ang mga bisita ay naglalapag ng pera malapit sa nagsasayaw at nagsasabing “Ito ay para sa babae” o “Ito ay para sa lalaki”. Pagkatapos ng sayaw ay maiging bibilangin ang pera at kalaunan ay ibinibigay ang kabuoan sa babae.

Katandaan

Malaki ang papel na ginagampanan ng mga matatanda sa kanilang pamayanan bilang sila ang may mas malawak na karanasan. Kahit na may sarili nang pamilya ang kanilang mga anak. Sila ay madalas pa ring hingan ng payo lalo na mg usaping pangkabuhayan at pagpapamilya. Sa tahanan, madalas na ang matatanda ay inaalagaan ng mga anak bilang tanda ng kanilang pagmamahal at utang ng loob. Kasama ng mga anak ang kanilang matatandang magulang hanggang sa sila ay yumao.

Kapag ang tao ay yumao, ito ay kinakailangan iburol sa loob ng ilang araw. Ito ay isinasagawa upang mabigyan ang mga mahal sa buhay ng pagkakataong masilayan pa ang patay. Ang mga bisita ay nag-aalay ng mga awitin at dasal para sa yumao.

Sa tuwing may lamayan sa tahanan, kailangang iwasan ang pagharap sa salamin dahil kapag lumabo ang itsura ng tao sa salamin, pinaniniwalaang ito ang susunod na mamamatay. Pinagbabawal din ang pagwawalis sa loob ng tahanan, pagluluto ng madadahong gulay at

pagsusunog ng mga natirang materyales sa paggawa ng kabaong. Ito ay kailangang iwasan sapagkat kapag ito'y hindi nasunod, pinaniniwalaang may susunod na mamamatay. Kinakailangan ding magsagawa ng pagdarasal sa loob ng siyam na sunod- sunod na araw para sa matatandang yumao at tatlong araw para sa mga batang yumao. Ang mga bisita ay nag-aalay rin ng mga bulaklak at pera bilang tulong at pakikiramay sa mga naulila. Ang mga labi ng yumao ay inihahatid sa sementeryo katabi ang iba pang kamag-anak na nauna nang namayapa. Matapos ilibing ay nagpapadasal din sa ika-40 araw ng kaniyang pagkamatay at tuwing sasapit ang anibersaryo ng kaniyang kamatayan.

Kapansin pansin na kapag pinag-usapan ang kultura, tradisyon at paniniwala na bahagi ng siklo buhay ng bawat Casiguranin, walang makikitang kaibahan sa iba pang kultura at pangkat etniko partikular sa Luzon. Nagkaroon lamang ng ilang modipikasyon o pagbabago ngunit nananatili parin ang konsepto ng kultura, tradisyon at paniniwala na naging pagkakakilanlan ng mga Filipino sa pangkalahatan.

Ito ang naging sitwasyon ng Casiguran. Ang Kasiguranin ay hindi nabibilang sa pangkat katutubo ng Filipinas. Bagamat orihinal na pinanahanan ng mga Agta/Dumagat nagkaroon ng interaksyon sa mga Tagalog at Bikol, mga wika ng mga Malay na nagsidayo't nangalakal sa lugar sa pamamagitan ng pamamangka. Hindi malinaw kung anong tiyak na taon at dahilan ng kanilang pagdayo, ang malinaw ay ang kanilang pananahanan sa Baler at Casiguran bago pa dumating ang mga Kastila. Sa kalauna'y nagapi at naitaboy ng mga Malay ang mga Dumagat sa mga kagubatan, habang nanatili ng paninirahan ang mga mananakop sa mga baybaying dagat at tabing-ilog.¹⁶²

¹⁶² Marino, et.al op cit p.13

Ang Kasiguranin ay hindi galing sa lahing Agta o sa kahit ano pa mang pangkat katutubo sa Filipinas.¹⁶³ Bago paman dumating ang mga Kastila sa Casiguran, ang mga dayong Malay at aborihinal na Agta/Dumagat ay magkakasamang namumuhay sa lugar. Hindi kataka-taka na ang dominanteng kultura, tradisyon at paniniwala ay natutunan mula sa mga dayong Malay na piniling manirahan sa lugar. Ngunit nagpasimula naman ito ng magkatunggaling tensiyon sa pagitan ng mga Negrito¹⁶⁴ at Malay bilang mga dayong nanghihimasok at nagtutulak sa kanila sa liblib ng kabundukan.¹⁶⁵

Ito marahil ang dahilan ng paghiwalay ng Agta sa kasalukuyang Kasiguranin. Ngunit hindi maikakaila ang kanilang impluwensiya sa usapin ng wika. Matatandaan na sa ginamit na *wordlist*, 39% ng salitang Kasiguranin ay kahalintulad sa salitang Agta gamit ang Agta Dicionary ni Thomas and Janet Headland.

Walang maituturing na kakaiba at bago kapag pinag-usapan ang tradisyon, kultura at paniniwala. At sa kasalukuyan, may mga ilan sa mga nakalap na tala ay hindi na rin nagagamit partikular sa panunuyo sa panliligaw ng lalake sa kababaihan.

Sa kasalukuyan ang ang mga Kasiguranin ay nagkaroon ng sariling pagkakakilanlan, at sariling wika na patuloy na ginagamit ng mga mamamayan sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Isang pagkakakilanlan na walang katulad sa iba pa mang grupo sa buong Filipinas lalo't higit ang wika na sumasalamín sa yaman ng kalinangan at pamana ng bansa.

¹⁶³ Personal na panayam kay Eleamor Barrera (Hunyo 2018)

¹⁶⁴ Bagamat ginamit ang salitang Negrito ito ay tumutukoy sa mga Agta/Dumagat na aborihinal na grupo sa Casiguran.

¹⁶⁵ Marino, et.al op cit p.14



Larawan 40. Kuhang larawan ng isang lokal na banda habang isinasagawa ang dayana.¹⁶⁶



Larawan 41. Kuhang larawan ng mga kalahok para sa Bb. Casiguran bilang bahagi ng programa sa pagdiriwang ng Kapistahan ng Bayan.

¹⁶⁶ Ang dayana ay isang lokal na tradisyon na tumutukoy sa pagpapatugtog ng marching band sa buhang liwayway bago sumikat ang araw bilang hudyat ng pagsisimula ng isang mahalagang pagdiriwang na kalimitan ay pista.

VI. PARTISIPASYON SA PAMBANSANG KULTURA

Ang Kasiguranin ay naisasalin pa rin ng kanilang pamilya sa kanilang mga anak subalit dahil sa karamihang mga nagsasalita nito ay nakakapangasawa mula sa labas na nagsasalita naman ng ibang mga wika, ang Kasiguranin ay hindi na ginagamit o naituturo sa pamilyang nabubuo.¹⁶⁷ Nakasalalay sa magulang ang paggamit at pagtangkilik ng Kasiguranin. Ang pagsasanay ng bata ay isang paraan upang hindi ito makalimutan at kanilang magiging pagkakakilanlan. Maari itong makalimutan ng kanyang mga susunod na henerasyon kung hindi ito ipamamana.¹⁶⁸

Samantalang, sa loob naman ng silid-aralan, hindi ginagamit na midyum ng pagtuturo ang Kasiguranin. Tanging sa istrategiya at dedikasyon ng guro lamang magkakaroon ng integrasyon ng sariling wika sa pag-aaral ng kanilang asignatura. Ito ay malaking hamon sa wika dahil sa pagkakalantad ng mga mag-aaral sa iba't-ibang wika na kanilang naririnig at ginagamit sa paaralan, ngunit sa mga nabanggit Ingles at Tagalog ang pinakapopular. Ang ganitong suliranin ay bunsod ng kawalan ng mga literatura, sanggunian at iba pa upang matutunan, mapalago at magamit ang wika hindi lamang sa mga tahanan kundi sa mga paaralan.

¹⁶⁷Ager, Simon. "Casiguran Dumagat Agta", *Omniglot- The Online Encyclopedia of Writing System and Language*. 2018. <http://www.language-museum.com/encyclopedia/a/agta-casiguran-dumagat.php> at <https://www.omniglot.com/writing/casiguran.html>.

¹⁶⁸Panayam kay G. Torre (Hunyo 2018)



Larawan 42. Pakitang-turo ni Jovelita Tan, Guro sa Baitang 1 at asignaturang Mother Tongue ng Casiguran Central School

Sa Tingib-Calanguasan Integrated School, si Jesbeel R. Pimentel, isang guro sa Elementarya ang nagsulat ng mga pampilipit ng dila (tongue twisters) na nasa wikang Casiguranin. Ito ay ginagamit niya bilang motibasyon sa panimulang gawain sa klase ng ikalawang baitang. Bahagi rin ito ng kanyang lokal na kontekstuwalisasyon, ang gamitin ang wikang kinagisnan upang hindi malimutan. Layunin nitong higit na maintindihan at maunawaan ng mga mag-aaral ang wikang Kasiguranin na wikang kanilang kinamulatan.

Isang halimbawa ng kagamitang pampagtuturo na dinebelop ni Pimentel na isinulat sa wikang Kasiguranin. Ang mga tongue twisters na nasa Filipino ay sarili niyang likha gayundin siya rin ang orihinal na nagsalin ng mga ito sa Wikang Kasiguranin.

Pampirepet ng Dila¹⁶⁹

Kasanayan sa Pagkatuto

Layunin:

1. MTTPA -1bi-1.1. Identify rhyming words in nursery rhymes, songs, jingles, poems, and chants.
2. MT1OL-bi-4.1. Recite and sing in groups familiar rhymes and songs.
3. MT2OL-1b4.1.1. Recite and sing in group longer poems, jingles, riddles, chants, and songs (folk, rap, etc.) with ease and confidence.

AGDEN

Mga Kagi na Magtapos sa –en

Agden-agden
ang lakaden ni Alden
para ageden ang Eden
kay Den-den

1 1

HAGDAN

Pagsasalin sa Tagalog

Hagdan-hagdan
Ang lakarin ni Alden
Upang hunmingi ng Eden
Kay Den-den
Kahit maulan.

PALUS

Mga Kagi na Magtapos sa –us at –os
Nakalap ng palus

si Pilos sa bulos.
Sa bulos
nakalap ng palus
si Pilos
Palus
ang nalap ni Pilos
sa bulos.
Tulos naubos
ang palus
sa bulos.

PALOS

Pagsasalin sa Tagalog
Nakakuha ng palos

si Pilos sa ilog
Sa ilog
nakakuha ng palos
Si Pilos.
Palos
ang nakuha ni Pilos
sa ilog.
Tuloy naubos
ang palos
sa ilog.

¹⁶⁹ Jesbeel R. Pimentel, "Pampirepet ng Dila" (w.p.)

SI ILENG

Mga Kagi na Magtapos sa -eg

Nakaileng

si Ileng

sa babbing

paileng-ileng.

Tulos naduling

si Ileng

habang paileng-ileng

sa babbing

nakaileng.

SI ILENG

Pagsasalin sa Tagalog

Nakatingin

si Ileng

sa babaeng

palinga-linga.

Tuloy naduling

si Ileng

habang palinga-linga

sa babaeng

nakatingin.

SI PIDOT

Mga Kagi na Magtapos sa -ot

Nakapudot

si Pidot

ng palot

at balot

na may epot.

Ang palot

at balot

na may epot

ay napudot

ni Pidot.

SI PIDOT

Pagsasalin sa Tagalog

Nakapulot

si Pidot

ng sili

at balot

na may ipot.

Ang sili

at balot

na may ipot

ay napulot

ni Pidot.

SITONET

Mga Kagi na Magtapos sa -et

Si Tonet
ay naggamet
ng pandakip ng gapet
na gamit ay ramet
na marupet.
Ang ramet
na marupet
ay ginamit ni Tonet
para maggamet
ng pandakip ng gapet
na gamet
sa ramet.

SI TONET

Pagsasalin sa Tagalog

Si Tonet
ay gumawa
ng panghuli ng alimasag
gamit ang basahang
madumi.
Ang basahang
madumi
ay ginamit ni Tonet
para maggawa
ng panghuli ng alimasag
na gawa
sa basahan.

ANG ETNODAN

Mga Kagi na Magtapos sa -an

Nalakadan
ni Alakdan
ang etnodan
sa dalan.
Ang etnodan
ay nalakadan
ni Alakdan
sa dalan.
Sa dalan
nalakadan
ni Alakdan
ang etnodan.

ANG UPUAN

Pagsasalin sa Tagalog

Naiwan
ni Alakdan
ang upuan
sa daan.
Ang upuan
ay naiwan
ni Alakdan
sa daan.
Sa daan
naiwan
ni Alakdan
ang upuan.

ANG ATONG

Mga Kagi na Magtapos sa –eng at –ing

Ang atong ni ateng
ay maraming
giteng-giteng.
Maraming
giteng-giteng
ang atong ni ateng.

ANG GULAY

Pagsasalin sa Tagalog

Ang gulay ni Ate
ay maraming
sira.
Maraming
sira
ng gulay ni ate.

Sa nasabi ring paaralan ay may mga grupo ng guro na nagsalin ng mga awiting pambata sa wikang Casiguranin, tinawag nilang **Kantang Pang-anak** (Kantang Pambata) ang koleksiyong ito. Ito rin ay bahagi ng inisyatiba upang mapataas ang kamalayan at kakayahan ng mga batang mag-aaral sa paggamit at pagsasalita ng wikang Kasiguranin. Ginagamit di nila ito upang panggising ng diwa o kaya’y bilang pagganyak sa panimula ng aralin .¹⁷⁰

SAMPUNG MGA DALIRI

*Sampung mga daliri
Kamay at paa
Dalawang mata
Dalawang tainga
Ilong na maganda*

*Maliliit na ngipin
Masarap kumain
Dilang maliit nagsasabi
Huwag kang magsinungaling!*

SAMPUNG MGA GURAMIT

Isinalin ni Panny D. Alminiana

Sampung mga guram’t
Lima at b’sset
Duwang b’ng-b’ng
Duwang mata
Addong na maganda

Babad’t na ang mga ng’p’n
Masarap na kuman
Dilang badd’t na magkagi
H’wag kang magbule-bule

¹⁷⁰Alminiana et.al., Koleksyon ng mga Kantang Pang-anak (2018).

SI NOE

Si Noe gumawa ng arko,
Si Noe gumawa ng arko
Si Noe gumawa ng arko,

Inutusan siya ng Dios.

Bumuhos ang ulan, Bumaha!
Bumuhos ang ulan, Bumaha!
Bumuhos ang ulan, Bumaha!

Ang arko'y palutang-lutang

Kaibigan ni Noe nagsabi,
"Noe, Noe pasakay naman nalulunod na
kami."
Ang sabi ni Noe, "Hindi pwede, ang arko'y
sarado na."

Sagwan, sagwan mag-alon-alon
Sagwan, sagwan mag-alon-alon
Sagwan, sagwan, sagwan mag-alon-alon

AKO SI TAKURI

Ako si takuri
Pandak at mataba
Ito ang hawakan
At ito ang buhusan
Pag ako ay kumukulo, kukulo-kulo
Hawakan mo at ibuhos mo.

SI NOE

Isinalin ni Panny D. Alminiana

Si Noe naggamet ng abeng
Si Noe naggamet ng abeng
Si Noe naggamet ng abeng

Inutusan siya ng Diyos

Binum'rres ang uden at binumaha
Binum'rres ang uden at binumaha
Binum'rres ang uden at binumaha

Ang abeng naglabeng-labeng

Kaibigan ni Noe ay nagkagi
Noe Noe pasakay'n kami at mal'mis kami
Ang kagi ni Noe ay hindi pwede, ang abeng
ay putat na.

Sagwan, sagwan m'g-alon-alon
Sagwan, sagwan m'g-alon-alon
Sagwan, sagwan, sagwan m'g-alon-alon

AKO SI TAKURI

Isinalin ni Panny D. Alminiana

Ako si takuri
Pandak at matabi
Ito ang kabitan
At ito ang p'gb'rresan
Pag ako ay magllabbutn- labbut
Angay'n mo ako at ib'rres mo.

ANG MGA HAYOP

Umegb'r umegb'r
ang ibon, ang ibon, ang ibon
Umegb'r umegb'r
ang ibon sa magandang lubun

Guminan, guminan
Ang pusa, ang pusa, ang pusa
Guminan, guminan
Ang pusa, sa magandang balay.

Lumukso, lumukso
Ang aso, ang aso, ang aso
Lumukso, lumukso
Ang aso, sa mad'sonong bakod.

ANG MGA HAYOP

Isinalin ni Jesbeel R. Pimentel

Umegb'r umegb'r
ang ibon, ang ibon, ang ibon
Umegb'r umegb'r
ang ibon sa magandang lubun

Guminan, guminan
Ang pusa, ang pusa, ang pusa
Guminan, guminan
Ang pusa, sa magandang balay.

Lumukso, lumukso
Ang aso, ang aso, ang aso
Lumukso, lumukso
Ang aso, sa mad'sonong bakod.

AKO AY MAY LOBO

*Ako ay may lobo
Lumipad sa langit
'Di ko na nakita
Pumutok na pala*

*Sayang ang pera ko
Pinambili ng lobo
Kung pagkain sana
Nabusog pa ako*

AKO AY MAY LOBO

Isinalin ni Jesbeel R. Pimentel

Ako ay may lobo
Umegb'r sa langit
De ko naketa
Pinnumadduk na bale

Sayang ang kwarta ko
Pinamogtong ng lobo
Sa pagkain sana
Nab'ssog pa ako.

ISA, DALAWA, TATLO

Isa, dalawa, tatlo
Una-unahan tayo
Apat, lima, anim
Sa balong malalim

Pito, walo, siyam
Lakad parang langgam
Pagdating sa sampu
Ang lahat ay umupo!

ESSA, DUWA, TALLO

Isinalin ni Jesbeel R. Pimentel

Essa, duwwa, tallo
Magdamoan tayo
Uppat, lima, inn'm
Sa madislad na bal-ong

Pito, walo, siyam
Lakad na kum'nna s'ngit
K'ddm't ng sampu
Attanan ay umetnod.

BAHAY NI SUPERMAN

Balay, balay, balay ni Superman
Nasunog ang balay, balay ni Superman
Balay, balay, balay ni Superman
Nasunog ang balay ni Superman

O Wonder woman
O wonder woman
Nasunog ang balay ni Superman

O Wonder woman
O Wonder woman
Nasunog ang balay.

BALAY NI SUPERMAN

Isinalin ni Jesbeel R. Pimentel

Balay, balay, balay ni Superman
Natutod ang balay, balay ni Superman
Balay, balay, balay ni Superman
Natutod ang balay ni Superman

O Wonder woman
O wonder woman
Natutod ang balay ni Superman

O Wonder woman
O Wonder woman
Natutod ang balay.

ISA, ISA

Isa, isa, dalawa
Dalawa-dalawa, apat

Tatlo, tatlo ay anim
Apat, apat ay walo

Lima, lima ay sampu
Sampu ang daliri ko.

ESSA, ESSA

Isinalin ni Jesbeel R. Pimentel

Essa, Essa, duwwa
Duwwa-duwwa, uppat

Tallo, tallo ay ann'm
Uppat, uppat ay walo

Lima, lima ay sampu
Sampu ang guram't ko.

PAA, TUHOD

Paa, tuhod, balikat, ulo
Paa, tuhod, balikat, ulo

Paa, tuhod, balikat, ulo
Magpalakpakan tayo.

ATTOD, BASSET

Isinalin ni Blesssie D. Galvelo

Attod, basset, abaga, ulo.
Attod, basset, abaga, ulo.

Attod, basset, abaga, ulo.
M'gpalakpakan tayo.



Larawan 43. Pinangunahan ni Gng. Panny D. Alminiana ang pag-awit ng isang awit pambata na nasalin sa wikang Casiguranin.

Ang mga naitalang pamperepet ng dila at katang pang-anak na binuo o isinulat ng mga guro ng Tingib-Calanguasan Integrated School ay ginagamit bilang kagamitang pampagtuturo na nakatutulong sa kasanayang pangwika ng mga mag-aaral lalo na sa asignaturang mother tongue. Nakatutulong ito upang mapahalagahan at mapalaganap ang wikang kalinangan ng bayan ng Casiguran gayundin ma-preserba at mailipat sa mga susunod na henerasyon.

Bihira ang mga guro, lokal na iskolar at lokal na *historian* ang may mga inisyatiba upang mapreserba, magamit at maisulat ang Kasiguranin, masasabing hindi ito laganap at hindi ginagamit bilang wika ng instruksiyon. May mangilan-ngilan na lamang na mga guro ang nagsisikap na maisama ang Kasiguranin sa mga aralin ngunit kadalasan ay hindi ito nagagamit bilang wikang diskurso sa mga paaralan. Ito ay sa kawalan ng mga literatura, akda at mga babasahin na nakasulat sa Kasiguranin. Sa kawalan ng malawak na sanggunian, nagiging limitado nadin ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa kanilang unang wika, at gumagamit na ng Tagalog dahil sa kawalan ng kasanayan sa wika, tanging ang tunog/pagbigkas sa paraan ng mga Kasiguranin ang nananatili gamit ang Tagalog at iba pang wika na kanila ding natutunan.



Larawan 44. Kuhang larawan bilang bahagi ng pagdiriwang ng Kapistahan ng Casiguran.

VII. PAGTANAW AT TUGON NG PANGKAT SA KALAGAYAN NG KANILANG WIKA AT KULTURA

Kinilala ng mga *informant* ang mga suliranin na may kinalaman sa paggamit at preserbasyon ng wika sa panahong kahit sa sariling tahanan, paaralan, komunidad at maging sa lokal na pamahalaan at pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ay bihira ng magamit. Isa sa mga naging suliranin ay kawalan ng siyetipikong sistema o paraan ng pagsulat at paggamit ng bantas.



Larawan 45. Kinikilala ang gampanin at kontribusyon ng mga Agta sa sa Casiguran bilang pamana ng lahi.

Ang mga lokal na iskolar, *historian* at guro na may inisyatiba sa saliksik at paggawa ng kagamitang pampagtuturo ay nagkakaiba-iba din sa kanilang paraan. Sa obserbasyon ng mga mananaliksik, ginagamit ang Wikang Kasiguranin kasabay ng Tagalog at kapag ginamit na ang Tagalog, tanging ang bigkas at diin na lamang ang magiging pagkakakilanlan ng wika. Mananatili ang tono at bigkas Kasiguranin gamit ang Tagalog sa pakikipagtalastasan.

Ngunit sa pangkalahatan ang Kasiguranin ay ginagamit pa din ng mga mamamayan sa pang araw-araw na buhay. Hindi nila ikinakahiya ang kanilang identidad at “kapag nagkatagpo ang mga Kasiguranin sa kahit anong lugar o bansa, magsasalita sila ng kanilang wika kahit pa

para sa ibang nakakarinig ay may pagtataka at pagkabigla dahil sa hindi nakikilala ang wikang ginagamit at may tunog na mahahalintulad sa mga ibon na na kahalintulad ng sa Paranan.”¹⁷¹



Larawan 46. Kuha ng larawan ng Casiguran Got Talent, isang bahagi ng programa para sa pagdiriwang ng Kapistahan ng Bayan ng Casiguran

¹⁷¹ Panayam kay Lordan Roxas (Hunyo 2018)

SANGGUNIAN

A. Nailimbag na Materyales

Marino, Josefina T. et. al. “*Sa Tubig at Dugo: 400 Taon Ebanghelisasyon ng Aurora 1609-2009*”. Diego G. Quajada. Philippines: Roman Catholic Prelate of Infante, Inc and Vicariate of Valley-Ding. 2013.

Mencias, Chen Reyes et. al. “Heritage Mapping Report: Municipality of Casiguran Aurora”, Philippines: Blue Water Consultancy, Training and Services, 2017.

Almario, Virgilio S. “KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat, Ikalawang Edisyon”. 2015. Pilipinas: Komisyon sa Wikang Filipino. 2015

B. Sangguniang Elektroniko

Ager, Simon. “Casiguran Dumagat Agta.” *Omniglot- The Online Encyclopedia of Writing System and Language*. 2018. <https://www.omniglot.com/writing/casiguran.htm>

Aquino, Amir. “#JolinaPH maintains strength, threatens Aurora”. The Northern Forum. August 2017. <http://northernforum.net/jolinaph-maintains-strength-threatens-aurora/>

Pulta, Benjamin. “What is the Philippine Rise?” *Philippine News Agency*. May 2018. <http://www.pna.gov.ph/articles/1034670>

Chan Robles Virtual Law Library. “*An Act Separating the Sub- Province of Aurora from the Province of Quezon and Establishing it as an independent Province.*”
[Lawlibrary.chanrobles.com](http://lawlibrary.chanrobles.com)

Chan Robles Virtual Law Library. “*Republic Act No. 648 – An Act Creating the Sub- Province of Aurora, which Shall comprise the Municipalities of Baler, Casiguran, Dipaculao and MariaAurora, Province of Quezon*”.
http://laws.chanrobles.com/republicacts/7_republicacts.php?id=652

Capulso, Chris. “Labuyo’ affects 7,000 families”. *DZRH. News*. August 2013. <http://dzhnews.com.ph/labuyo-affects-7000-families/>

DOST PHIVOLCS, “1968 August 02 Casiguran Earthquake”. DOST-PHIVOLCS Website. (w.p.) <https://www.phivolcs.dost.gov.ph/index.php/17-earthquake/39-1968-august-02-casiguran-earthquake>.

Kidlat. “Historical Data of Casiguran 1952”. *BatangBaler*. 2016. <http://www.batangbaler.net/2016/01/30/historical-data-of-casiguran-1952/>

Headland, Thomas N., at Headland Janet D. "A Dumagat Casiguran English Dictionary." *Research Gate*. 1974. <http://www.researchgate.net/publication/300114143>.

Headland, Thomas N. "The Casiguran Dumagats Today and in 1936". *Philippine Quarterly of Culture and Society* 3. 1975. pp. 245- 257.

De Asis, Jason. "Rosita leaves P12.34-M initial agri damage in Aurora". *Philippines News Agency*. October 2018. <http://www.pna.gov.ph/articles/1052662>

De Asis, Jason. "Ompong damage to infra, agri in Aurora reach P137.7-M". *Philippine News Agency*. September 2018. <http://www.pna.gov.ph/articles/1048175>

Torre, Jesus. "Municipality of Casiguran". *National Library of the Philippines*. (w.p.). <http://nlpdl.nlp.gov.ph:81/HD01/p39/cm9/md1/lgu.htm>

KG. "3 Aurora towns isolated by Labuyo under state of calamity". *GMA News Online*. August 2013. <https://www.gmanetwork.com/news/news/regions/321747/3-aurora-towns-isolated-by-labuyo-under-state-of-calamity/story/>

Lobel, Jayson W. *Philippine and North Bornean Languages: Issues in description, subgrouping and reconstruction*. 2013. glottology.org/resource/language/id/casi1235.

Moral, Maximo & Liwanag, Severiano. "Historical Data Regarding Barrios, Towns, Cities, and Provinces". *National Library of the Philippines*. 1952. <http://nlpdl.nlp.gov.ph:81/HD01/p39/cm9/md1/lgu.htm>.

Murashige, Mariah. *Brief History of Casiguran Aurora*. January 2012. <https://sites.google.com/site/alaskakelpforest/home/briefhistoryofcasiguranauroraphilippines>

Radomes, N.C. "2 dead, 2 missing, millions of pesos in damages resulted after 'Labuyo' castigated Luzon". *Wikinut*. August 2013. <https://guides.wikinut.com/2-dead%2C-2-missing%2C-Million-of-pesos-in-damages-resulted-after-%E2%80%98Labuyo%E2%80%99-castigated-Luzon/g7gvie0v/>

Official Gazette of the Philippines. "Updates: Typhoon Santi". October 2013. <https://www.officialgazette.gov.ph/laginghanda/updates-typhoon-santi/>

PAGASA. "Tropical Cyclone Information". <http://bagong.pagasa.dost.gov.ph/climate/tropical-cyclone-information>.

Philippine Information Agency. "Aurora". <https://pia.gov.ph/provinces/aurora>

Rappler.com. Signal No. 2 out of 10 areas while Typhoon Rosita sets off for Isabela-Aurora. *Navva Trending News*. October 2018. <https://navva.org/philippines/nation/signal-no-2-out-of-10-areas-while-typhoon-rosita-sets-off-for-isabela-aurora/>

Rappler.com. “10 areas under Signal No. 3 due to Typhoon Ompong”. *Rappler*. September 2018.
<https://www.rappler.com/nation/special-coverage/weather-alert/211962-typhoon-ompong-pagasa-forecast-september-14-2018-11am>

Sunnex et. al. “Labuyo leaves P57-M in damages”. *SunStar Philippines*. August 2013.
<https://www.sunstar.com.ph/article/299373>

B. Pamublikong Dokumento

Municipal Planning and Development Office, “Socio- Economic Profile Revision”, 2016, sinipi ng National Historical Institute.

MPDO Casiguran, Aurora General Land Data, 2018.

Philippines Statistics Authority. “Bilis ng Paglaki ng Populasyon”. 2016.

C. Interbyu

Elektronikong panayam kay Joselito Sison. January 2019

Elektronikong panayam kay Crysalis David. January 2019

Personal na panayam kay Eleamor Barrera. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Emma Torre. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Geraldine Salvid. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Gemma Geroche. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na Panayam kay Jeanelie A. Roxas. Casiguran, Aurora. Enero 2019

Personal na panayam kay Ria Esteves. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Sandra Benitez. Casiguran, Aurora. (Hunyo 2018)

Personal na panayam kay Maria Mel Glemao. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Luz Orgas. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Lordan Roxas. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018.

Personal na panayam kay Panny Alminiana. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Michelle L. Belen. Casiguran, Aurora. Hunyo 2018

Personal na panayam kay Dalia M. Ong. Casiguran, Aurora. Hunyo 2018

Personal na panayam kay Danilo Buenviaje. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Alzandro Dolfo. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Larry M. Castillo. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Rosito Tudoc. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Elena Chavez. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Mario Santorce. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Marilyn Calugtong. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Marilou Gonzales. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Personal na panayam kay Sanny Santos. Casiguran, Aurora, Hunyo 2018

Balidasyon ng mga Datos Hinggil sa Wikang Kasiguranin. Casiguran, Aurora. Disyembre 2018.

D. Di Nailimbag na Materyales

Alminiana et.al., Koleksyon ng mgs Kantang Pang-anak (2018).

Aurora Pacific Economic Zone. Presentation to NEDA. (w.p.)

Geroche, Gemma et. al., *Casiguran Dictionary Translated in English- Filipino* (2014).

Pimentel Jesbeel. “Pampirepet ng Dila” (w.p.)

Jocelyn Guerrero-Curitana. (Casiguran: Simbahan ng San Antonio de Padua, 2015)

Souvenir Program Committee, “*Municipality of Casiguran: 400th Years Founding Anniversary, 2009*”

Sindac, Buenaventura et. al., *Kasaysayan ng Lalawigan ng Aurora* (w.p.)